ADDICTION RECOVERY PROGRAM

# Gabay sa Pangangasiwa

“Walang ano mang bagay ang kasinghapdi at kasingpait ng aking mga pasakit. Oo, at muli sinasabi ko sa iyo, . . . na sa kabilang dako, walang ano mang bagay ang kasingganda at kasingtamis ng aking kaga-lakan.”

*—Alma 36:21*

## MGA NILALAMAN


Pambungad: Paglalarawan ng mga Serbisyo 1

1. Istruktura ng Organisasyon ng Addiction Recovery Program 2

2. Mga Responsibilidad ng Simbahan sa Addiction Recovery Program 4

3. Mga Kahilingan at mga Responsibilidad ng Coordinator, Group Leader, at Facilitator ng Addiction Recovery Program 6

4. Mga Statistical Report 10

5. Mga Bagong Miting ng Addiction Recovery Program 11

6. Mga Tuntunin at Patakaran sa Pagpapatupad ng Addiction Recovery Program 12

Apendiks 16

# PAMBUNGAD:
# Paglalarawan ng mga Serbisyo

Ang addiction recovery program (ARP) ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay itinatag sa ilalim ng pamamahala ng mga lokal na priesthood leader sa tulong ng LDS Family Services.

Ang programa ay tumutulong sa mga taong nais gumaling mula sa adiksyon at nagbibigay-suporta sa mga pamilya at mga kaibigan ng mga taong may adiksiyon. Kabilang sa programa ang mga alituntunin ng ebanghelyo at maging ang 12 steps of Alcoholics Anonymous World Services, Inc., na binago, nang may pahintulot, upang ilakip ang mga doktrina, alituntunin, at paniniwala ng Simbahan. Ang *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon at ang Spouse and Family Support Guide* ang mga guidebook ng kalahok ng programang ito.

Ang impormasyon sa guidebook na ito ay tumutulong sa mga boluntaryo ng programa at mga lider ng Simbahan sa kanilang pagsasagawa ng mga recovery at support meeting, pagbibigay-suporta sa mga kalahok, at pangangasiwa sa programa. Bagama't mahalaga na hindi pabagu-bago ang programa, dapat maunawaan na sa mga lugar kung saan ang distansya, pagkakaiba sa kultura, o iba pang mga bagay ay magpapahirap sa pagsunod sa programa ayon sa balangkas nito, maaaring kailanganin ang mga pagbabagay sa programa. Maaaring baguhin ang ayos, istruktura, organisasyon, at pagpapatupad ng programa ng ARP, subalit nararapat na isinasaisip pa rin lagi ang mga mithiin at misyon ng programa. Ang mga area welfare manager ay dapat makipagtulungan sa mga lokal na kawani ng LDS Family Services at maging sa headquarters ng Simbahan kapag gumagawa ng anumang pagbabagay.

May tatlong pangunahing uri ng miting ang ARP: mga pangkalahatang miting, mga miting para sa Pornography Addiction Support Groups (PASGs), at mga miting para sa Spouse and Family Support Groups (SFSGs). Ang mga pangkalahatang miting ay para sa mga taong lulong na sa sigarilyo, alak, kape, tsaa, o sa mga inireseta o bawal na gamot, o sa nakapipinsalang pag-uugali (tulad ng sugal, Internet gaming, o sobrang pamimili o paggasta). Layunin ng mga PASG na tulungan ang mga lulong sa pornograpiya o di-angkop na gawaing seksuwal. Ang SFSGs ay para sa mga asawa, pamilya, at mga kaibigan na nahihirapan dahil sa adiksiyon o nakapipinsalang pag-uugali ng kanilang mga mahal sa buhay. Maaaring dumalo ang mga kalahok kahit ilang beses nila nais at hindi nila kailangang humingi ng permiso mula sa kanilang priesthood leader bago dumalo.

# 1 Istruktura ng Organisasyon ng Addiction Recovery Program

**LDS FAMILY SERVICES COMMISSIONER—CHURCH HEADQUARTERS:** Sa ilalim ng pamamahala ng Presiding Bishopric at ng Executive Welfare Committee, pinangangasiwaan ng commissioner ng LDS Family Services at ng kanyang mga kawani ang addiction recovery program sa buong mundo at nagbibigay ng training at instruksyon sa Simbahan para sa programa.

**AREA PRESIDENCY:** Ang Area Presidency ang namamahala sa pagpapatupad ng addiction recovery program groups sa buong area.

**DIRECTOR FOR TEMPORAL AFFAIRS AND AREA WELFARE MANAGER:** Ang director for temporal affairs at area welfare manager ay sumasangguni sa Area Presidency at mga Area Seventy para sa pamamahala ng programa.

**ADVISORY BOARD CHAIR:** Ang LDS Family Services advisory board chair ay karaniwang ginagampanan ng stake president o ng isa pang priesthood leader na regular na nirerepaso ang pangkalahatang operasyon ng addiction recovery program kasama ang counseling manager. Ang bawat chairman ay sumasangguni at nakikipagtulungan sa counseling manager sa kanyang lugar upang repasuhin ang mga aktibidad ng addiction recovery program at upang pumili ng bagong mga program coordinator kung kinakailangan. Inuulat din ng chairman ang mga aktibidad ng programa sa coordinating council at sa Area Seventy.

Sa mga lugar na walang LDS Family Services, ang area welfare manager ang gumaganap na advisory board chair.

**MGA KAWANI NG LDS FAMILY SERVICES O ESPESYALISTA NG LDS FAMILY SERVICES:** Sa ilalim ng pamamahala ng area welfare manager, pinangangasiwaan ng mga kawani ng LDS Family Services ng area ang training at ang pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan sa priesthood para sa addiction recovery program . Sa mga lugar na walang kawani ng LDS Family Services, ang area welfare manager ay maaaring magtalaga ng Church-service missionary upang maglingkod bilang espesyalista ng LDS Family Services.

**COUNSELING MANAGER:** Ang counseling manager ay isang full-time na empleyado ng LDS Family Services na namamahala sa addiction recovery program sa kanyang area ayon sa mga itinakdang alituntunin. Siya ay maaaring makipagtulungan sa mga program coordinator kung may mga program coordinator ang lugar. Maaari ding magbigay ng orientation at training ang counseling manager

na may kaugnayan sa addiction recovery program sa mga lider ng Simbahan kung kanilang hihilingin. Inaalam niya kung sino ang may potensyal na maging mga group leader at facilitator at regular na dumadalo sa mga recovery at support meeting upang masigurong maaayos na kumikilos ang mga grupo. Ang counseling manager din ang nangangasiwa sa training para sa mga program coordinator, group leader, at facilitator. Nakikipagtulungan siya sa advisory board chair at mga lokal na coordinating council tungkol sa addiction recovery program.

Sa mga lugar kung saan may aktibong LDS Family Services, karaniwan na isang miyembro ng mga kawani ng LDS Family Services ang nagiging counseling manager.

Sa mga lugar kung saan walang LDS Family Services, ang area welfare manager ang gumaganap bilang counseling manager.

**GROUP MANAGER:** Ang group manager ay isang full-time na empleyado ng LDS Family Services na nakikipag-ugnayan sa counseling manager upang pangasiwaan ang addiction recovery program sa kanyang lugar. Siya rin ang nakikipag-ugnayan o nagbibigay ng training (kahit isang beses lang sa isang taon) para sa mga counseling manager, mga program coordinator, mga group leader, at mga facilitator at regular na nirerepaso ang pangangasiwa ng lokal na addiction recovery program kasama ang counseling manager.

Sa mga lugar na walang LDS Family Services, ang area welfare manager ang gumaganap bilang group manager.

# 2 Mga Responsibilidad ng Simbahan sa Addiction Recovery Program

**STAKE O DISTRICT PRESIDENT**

Lahat ng miting ng ARP ay pinangangasiwaan ng stake o district president, at siya ang may responsibilidad sa bawat grupo bilang priesthood leader. Ang mga stake o district president ay nagpapasiya rin kung anong uri ng mga miting ng ARP ang gagawin sa kanyang stake o district. Bagama't ang LDS Family Services (LDSFS) ang nagbibigay ng teknikal na training at gumagawa ng mga patakaran at mga pamamaraan, ang stake (o district) president ang namumunong awtoridad para sa anumang grupo ng ARP na aktibo sa nasasakupan ng kanyang stake. Maaari siyang mag-talaga ng counselor, high councilor, o espesyalista ng LDS Family Services upang pangasiwaan ang mga aktibidad ng ARP sa kanyang stake.

**STAKE PRESIDENCY COUNSELOR, STAKE HIGH COUNCILOR, O ESPESYALISTA NG LDS FAMILY SERVICES**

Sa ilalim ng pamamahala ng stake (o district) president, ang esepsyalista ng stake LDS Family Services, counselor sa stake presidency, o high councilor sa bawat stake ay maaaring mangasiwa sa addiction recovery program.

Kasama sa mga responsibilidad sa pangangasiwa sa ARP ang mga sumusunod:

1. Maging pamilyar sa mga sumusunod na guidebook (makukuha sa arp.lds.org):
    a. *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon*
    b. *Spouse and Family Support Guide*
    c. Ang guidebook na ito *(Addiction Recovery Program Gabay sa Pangangasiwa)*
2. Maging tagapag-ugnay ng stake at ng LDS Family Services central office kapag walang kawani ng LDS Family Services.
3. Makipagtulungan sa miyembro ng stake o district presidency, high councilor, stake welfare specialist, o miyembro ng bishopric o branch presidency upang matukoy at mainterbyu ang may potensyal na maging mga group leader, facilitator, o iba pang mga lider ng ARP. Ang mga taong ito ay maaaring tawagin o italaga para sa mga gawaing ito ng kanilang bishop, branch president, o stake o district president (o counselor, kung inatasan).
4. Tiyakin na nasusunod ang inaasahan ng Simbahan sa programa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kawani ng LDS Family Services office upang masuportahan at mabigyan ng training ang mga group leader at facilitator. Kapag walang local office, makipagtulungan sa LDS Family Services central office.

5. Tiyaking nabigyan na ng sapat na training ang mga group leader at facilitator at naipaalam na sa kanila ang mga materyal na matatagpuan sa arp.lds.org.
6. Maglahad at mag-report sa stake president kapag nagbubuo at nagsasagawa ng mga grupo ng ARP.
7. Regular na sumangguni sa stake president tungkol sa mga sinimulan at patuloy na ginagawa ng mga espesyalista ng stake, group leader, at mga facilitator ng LDS Family Services.
8. Regular na makipagpulong sa mga lider ng ARP bilang suporta, at tumulong sa paghanap at pagkuha ng mga materyal at resources kung kinakailangan.
9. Makipag-ugnayan sa mga kinauukulan tungkol sa paggamit ng mga pasilidad ng Simbahan para sa mga miting ng grupo.
10. Makipag-ugnayan sa mga priesthood leader sa pagbuo ng mga bagong grupo kung kinakailangan.
11. Tiyaking tumpak ang oras at lugar ng mga support group na nasa arp.lds.org, at makipagtulungan sa program coordinator para sa pag-update ng website kung kinakailangan.
12. Ibahagi sa mga stake leader at LDS Family Services ang statistical data na isinumite ng group leader .

**BISHOP O BRANCH PRESIDENT**

Ang mga sumusunod ay mga mungkahi upang matulungan ang bishop o branch president na masubaybayan ang ginagawang addiction recovery program sa kanyang ward o branch:

1. Bisitahin ang arp.lds.org/leaders upang malaman pa ang tungkol sa kanyang tungkulin.
2. Rebyuhin ang mga sumusunod na guidebook (makukuha sa arp.lds.org):
    a. *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon*
    b. *Spouse and Family Support Guide*
    c. Ang guidebook na ito *(Addiction Recovery Program Gabay sa Pangangasiwa)*
3. Ipaalam sa mga priesthood at Relief Society leader ang tungkol sa mga recovery at support group meeting.
4. Patuloy na suportahan at payuhan nang may pagmamahal ang mga dumadalo sa mga recovery at support group.

**WARD COUNCIL**

Dapat ipaalam ng bishop o branch president sa ward council ang mahalagang maitutulong ng ARP sa mga may problema sa adiksiyon at sa mga may mahal sa buhay na may problema sa adiksiyon. Ang mga miyembro ng ward council ay maaaring:

1. Tumulong sa bishop sa pagtukoy ng mga miyembro ng ward na maaaring makinabang sa ARP.
2. Suportahan nang tama at magbigay ng kompidensyal na suporta at ituro sa mga miyembro ang programa, ayon sa tagubilin ng bishop.
3. Tingnan ang Ministering Resources para sa mga paksa tungkol sa Addiction, Overcoming Pornography, at Support for Spouses of Pornography upang malaman kung paano susuportahan ang mga miyembro (tingnan sa ministering.lds.org).

# 3 Mga Kahilingan at mga Responsibilidad ng mga Coordinator, Group Leader, at Facilitator ng Addiction Recovery Program

## PROGRAM COORDINATOR

Ang mga program coordinator ay maaaring mga Church-service missionary, stake welfare specialist, o mga boluntaryo na nakikipag-ugnayan sa mga kawani o espesyalista ng LDS Family Services upang pag-ugnayin ang mga recovery at support meeting at magbigay ng training sa mga group leader at mga facilitator. Kung kailangan, ang area welfare manager o ang kawani o espsyalista ng LDS Family Services ang gagawa ng mga tungkulin ng program coordinator.

### MGA KAHILINGAN

1. Mayroong current temple recommend.
2. Maglingkod sa loob ng 24 na buwan. Sa pahintulot ng stake president, ang panahon ng paglilingkod ay maaaring lumampas ng hanggang 6 na buwan, para sa kabuuang 30 buwan. Ang bilang ng oras sa buong linggo ay depende sa mga pangangailangan ng programa. Dapat lumampas sa kahit 6 na buwan bago tumanggap ang mga na-release ng panibagong tungkulin sa ARP bilang service missionary ng Simbahan. Dapat aprubahan ng stake president ang mga eksepsyong ito.

### MGA RESPONSIBILIDAD

1. Magbigay ng panguna at patuloy na training sa mga group leader at facilitator.
2. Magtakda at magdaos ng mga coordination miting para sa mga group leader upang maisaayos ang mga problema, training, at pagpaplano ng programa.
3. Kasama ang group leader, alamin kung sinu-sino ang may potensyal na maging mga facilitator. Sumangguni sa stake o district president o bishop o branch president ng mga potensyal na facilitator upang malaman kung karapat-dapat sila bago sila tulutang mangasiwa ng mga miting.
4. Makipag-uganyan sa isang miyembro ng stake presidency o high councilor na nakatalaga sa ARP, at sa espesyalista ng LDS Family Services support upang makapagbuo ng mga bagong recovery at support meeting.
5. Makipag-uganayan sa mga lider ng Simbahan at sa LDS Family Services sa pagtakda ng mga miting at paggamit ng mga pasilidad ng Simbahan sa .
6. Tumanggap ng statistical report mula sa mga lider ng grupo, at isumite ito sa LDS Family Services.
7. Tiyakin na tama ang nakalagay na oras at lugar ng mga recovery at support meeting sa arp.lds.org.

## GROUP LEADER

Ang mga group leader ang nangangasiwa sa mga miting ng ARP at tumutulong sa mga kalahok sa programa. Ang mga group leader ay karaniwang tinatawag at itinatalaga bilang mga Church-service missionary o stake welfare specialist, o maaari silang maglingkod bilang mga boluntaryo. Ang mga group leader ay nangangasiwa ng mga recovery at support meeting, kanilang tinitiyak na idinaraos nang maayos ang mga miting, at nagbibigay ng maikling instruksyon at patotoo sa mga kalahok. Pinupunan ng magiging group leader ang Recommendation for Church-Service Missionary form, na makukuha online o sa distribution center (item PD50021834), at isinusumite ang kinumpletong form sa kanilang bishop o branch president. Kapag magbabago ng group leader ang ARP, ang mga lider na papalitan at papalit ay dapat magkasama sa kahit dalawang miting lang upang tuluy-tuloy pa ring napapamunuan ang grupo sa ARP.

### MGA KAHILINGAN

1. Mayroong current temple recommend.
2. Maglingkod sa loob ng 24 na buwan. Sa pahintulot ng stake president, ang panahon ng paglilingkod ay maaaring lumampas ng hanggang 6 na buwan, para sa kabuuang 30 buwan. Ang bilang ng oras ng paglilingkod sa buong linggo ay depende sa mga pangangailangan ng mga programa. Dapat 6 na buwan o mahigit pa ang lumipas bago muling maglingkod sa ARP ang mga dating naglingkod dito. Ang mga eksepsyon ay dapat aprubahan ng stake president.

### MGA RESPONSIBILIDAD

1. Mag-report sa mga program coordinator.
2. Magdaos ng mga miting at aktibidad at tiyakin na ang mga recovery at support meeting ay ginagawa nang naaayon sa mga pamantayan at inaasahan ng Simbahan na matatagpuan sa guidebook na ito.
3. Magiliw na batiin ang lahat ng kalahok upang maging komportable sila sa miting. Bigyan ng atensyon ang pagbati sa mga bagong kalahok na maaaring hindi pamilyar sa pangkalahatang anyo at mga patakaran ng mga miting ng grupo.
4. Hikayatin ang grupo na ipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan sa kanilang bishop at pag-aralan ang mga pamantayang aklat ng Simbahan.
5. Basahin at ipamuhay ang mga alituntunin sa *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon* at ang *Spouse and Family Support Guide* na makikita sa arp.lds.org.
6. Magplano, magdaos, at mangasiwa sa lahat ng magaganap sa mga miting ng ARP bawat linggo maliban lamang sa pagbabahagi (tingnan ang apendiks para sa mga template ng anyo at dayalogo ng miting).
7. Dumalo sa coordination, in-service, at training miting kung kinakailangan.
8. Magsumite ng buwanang estatistikang impormasyon sa admin page ng ARP sa arp.lds.org.
9. Alamin kung sino ang mga may potensyal na maging facilitator at magpadala ng mga rekomendasyon sa mga program coordinator, na siyang magtatalaga

sa kanila sa tungkulin matapos sumangguni sa stake president o bishop kung karapat-dapat sila bago sila tulutang mangasiwa sa mga miting.

10. Sa tulong ng mga kawani o espesyalista ng LDS Family Services, magbigay ng training at mangasiwa sa grupo ng mga facilitator ng ARP at maghanap ng mga bagong lider ng ARP .
11. Bigyan ng training ang iba na kayang pamunuan ang isang grupo o mangasiwa ng miting kung hindi makadalo ang program coordinator dahil sa karamdaman, bakasyon, o di inaasahang pangyayari.
12. Sundin ang mga alituntunin ng Church-service missionary, pati na rin ang pagsusuot ng damit-pansimba sa mga miting.
13. Magbigay ng mga materyal ng ARP sa mga facilitator, mentor, at kalahok.
14. Sundin ang mga instruksyon na nakasaad sa training points sa ARP at ang iskrip na kasama sa anyo at dayalogo sa apendiks.
15. Pag-aralan at isabuhay ang mga mungkahi sa bahaging na Kilalanin at Masayang Tanggapin ang Baguhan sa apendiks.
16. Makipagtulungan sa miyembro ng stake presidency, stake high councilor, o espesyalista ng stake LDS Family Services upang maipaalam sa mga ward at branch ang mga miting ng grupo.

## FACILITATOR

Ang facilitator ay isang tao na dating may problema sa adiksiyon (o nakapipinsalang pag-uugali) at nais tulungan ang iba na nagsisikap na makawala mula sa adiksiyon. Siya ang nangangasiwa sa oras ng pagbabahagi sa recovery meeting at nagpapatotoo at nagkukwento sa mga miyembro ng grupo tungkol sa kanyang paggaling (tingnan ang form para sa anyo at dayalogo sa apendiks para sa karagdagang impormasyon). Ang taong nakauunawa at nakaranas mismo ng adiksiyon ang dapat na karaniwang nangangasiwa sa oras ng pagbabahagi ng mga miting ng grupo. Gayunman, kung kinakailangan, ang group leader ang gaganap na facilitator hanggang sa makahanap siya ng facilitator. Maaaring hilingin ng mga lider ng programa na punan ng mga may potensyal na maging facilitator ang isang aplikasyon para sa Church-service missionary sa CSMOpps.ldschurch.org upang makita nila ang naging haba ng paglilingkod at nang mapag-ingatan ang pribadong contact information. O kaya ay sundin lamang nila ang mga kahilingan na nakalista sa ibaba sa pagpili ng facilitator.

### MGA KAHILINGAN

1. Miyembro ng Simbahan, may patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo, at ipinapamuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo.
2. Unawain ang mga alituntunin ng pagpapagaling at ipamuhay ang mga ito.
3. Karaniwan ay dapat magaling na (wala nang adiksiyon) kahit 12 buwan man lang na tuluy-tuloy bago makapagsimula bilang boluntaryo. Gayunman, ang isang miyembro ng Simbahan na wala pang 12 buwan na magaling ay maaaring hilinging maglingkod bilang ARP facilitator,kung kailangan, dahil mahalaga na may isa sa grupo na nakauunawa at nakaranas mismo ng adiksiyon.
4. Makibahagi sa mga miting ng ARP nang hindi kukulangin sa tatlong buwan, kung maaari, bago maging facilitator.

5. Nairekomenda ng group leader at program coordinator upang maglingkod. Tumanggap ng pahintulot mula sa stake president o, kung itinalaga, sa bishop. *Paalala:* Hindi na kailangan ang pormal na aplikasyon maliban na lamang kung gagamitin ang programang CSMOpps.ldschurch.org (kapag hiniling ng mga lider ng programa).
6. Pag-aralan at maging pamilyar sa *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon* at sa *Spouse and Family Support Guide*.
7. Maglingkod nang hindi kukulangin sa 6 na buwan at hindi lalampas ng 24 na buwan. Pagkaraan ng 24 na buwan ay maaaring mag-apply muli ang facilitator para sa 24 na buwan na paglilingkod. Ang patuloy na paglilingkod sa tungkuling ito ay hindi dapat lumampas ng 48 buwan; kailangang aprubahan ng stake president ang mga eksepsyon.

**MGA RESPONSIBILIDAD**

1. Ipadama sa miting ang tunay na pagmamahal, pananampalataya, pagtitiwala, at suporta upang maging masaya at panatag ang pakiramdam ng mga miyembro ng grupo.
2. Pangasiwaan ang oras ng pagbabahagi sa mga recovery meeting.
3. Suportahan ang mga desisyon ng mga lider ng addiction recovery program.
4. Dumalo nang regular sa mga ARP coordination at training miting.

# 4 Mga Statistical Report

Ang program coordinator ay regular na tumatanggap ng statistical report mula sa mga group leader. Iniuulat ng mga group leader ang kabuuang bilang para sa mga sumusunod:

- Bilang ng mga idinaos na mga pangkalahatang miting
- Bilang ng mga idinaos na miting ng PASG
- Bilang ng mga idinaos na miting ng SFSG
- Bilang ng mga kalahok na dumalo sa lahat ng miting
- Bilang ng mga bagong kalahok na dumalo sa isang miting sa unang pagkakataon (Paalala: Ang ibig sabihin ng "bago" ay sinumang kalahok na dumalo sa unang pagkakataon o ang sinuman na dumalong muli sa mga miting matapos lumiban nang isang taon o higit pa.)
- Bilang ng oras ng "harap-harapang" pakikipag-usap sa mga kalahok sa mga miting, personal na pagbisita, fireside, at iba pa. Ang bilang ng oras ay iniuulat na may 15-minute increments.
- Bilang ng indirect volunteer hours na ibinigay: Oras na ginugol sa pagpunta sa mga miting ng ARP, pag-aaral at paghahanda para sa mga miting, pagbibigay ng mensahe sa mga fifth Sunday meeting at iba pa. Ang bilang ng oras ay iniuulat na may 15-minute increments.

Isusumite naman ng program coordinator ang estatistikang impormasyon sa LDS Family Services sa Church headquarters sa pamamagitan ng admin page ng arp.lds.org.

# 5 Mga Bagong Miting ng Addiction Recovery Program

Upang makapagbuo ng bagong miting ng ARP, ang stake o district president ay dapat:

1. Humiling na makapagsimula ng mga bagong recovery o support meeting sa pamamagitan ng pagpunan ng Addiction Recovery Program Group Request form at ipadala ang kinumpletong form sa kawani o espesyalista ng LDS Family Services ng lugar. Ipapadala naman ng kawani o espesyalista ang form sa LDS Family Services at sa Church headquarters.
2. Makipagtulungan sa mga miyembro ng stake (o district) presidency o high councilor na nakatalaga sa programa at sa espesyalista ng stake LDS Family Services upang malaman kung sino ang mga may potensyal na maging group leader at facilitator.
3. Interbyuhin (o iatas sa isang miyembro ng stake presidency, bishopric, o branch presidency) ang mga taong may potensyal upang matiyak na sila ay karapat-dapat at nababagay na maglingkod sa programa.
4. Italaga ang mga taong tinawag na maglingkod sa programa, o atasan ang isang counselor sa bishopric o miyembro ng branch presidency na gawin ito.
5. Kontakin ang lokal na kawani ng LDS Family Services o LDS Family Services sa Church headquarters upang paghahandaan ang training para sa mga bagong tawag na group leader at mga facilitator.
6. Makipag-ugnayan sa espesyalista ng stake LDSFS sa pagpili ng gusali at oras na pagdarausan ng ARP miting.

# 6 Mga Tuntunin at Patakaran sa Pagpapatupad ng Addiction Recovery Program

**MGA TUNTUNIN SA MITING**

1. Ang tanging inaprubahang uri ng mga miting ng addiction recovery program ay ang general addiction recovery meeting , miting ng PASG, at miting ng SFSG. Kailangang aprubahan ng LDS Family Services central office ang mga hiling para sa iba pang mga partikular na uri ng miting (tulad ng miting para sa mga tao na ang bisyo ay sobrang paggastos o pamimili).
2. Maaaring magkaroon ng hiwalay na miting ang mga lalaki at mga babae.
3. Ang mga miting ay dapat idaos sa mga gusaling pag-aari ng Simbahan hangga't maaari. Ang mga miting ay hindi dapat gawin sa mga addiction treatment center ngunit maaaring idaos sa mga bilangguan o piitan sa pahintulot ng stake o district president at ng tagapamahala ng bilangguan.
4. Ang mga miting ay karaniwang idinaraos sa parehong oras bawat linggo at tumatagal nang isang oras o isang oras at kalahati.
5. Kung napakaraming kalahok ang miting at nais bigyan ng pagkakataon ang lahat na makapagbahagi ng kanilang mga kaisipan, maaaring hatiin ng mga group leader sa dalawang grupo ang mga kalahok at turuan sila sa magkaibang silid.
6. Ang pagdalo sa mga recovery meeting ay hindi humahalili sa pagdalo sa mga regular na miting tuwing Linggo o sa mga aktibidad ng ward. Huwag magtakda ng miting na kasabay ng iskedyul ng mga miting sa Linggo. Ang mga miting ay maaaring idaos tuwing Lunes kung matatapos ang miting bago mag-alas 6:00 n.g. Huwag isabay ang mga miting sa iskedyul ng mga sesyon ng pangkalahatang kumperensya.
7. Ang mga phone miting ay maaaring gawin sa halip na personal na miting, ngunit hindi ito dapat humigit sa 25 na kalahok. Ang mga kalahok sa phone miting ay dapat hikayating dumalo nang personal na miting hangga't maaari.
8. Maaaring magsabit sa mga meetinghouse ng Simbahan ng poster na may impormasyon tungkol sa miting na may pahintulot mula sa mga lokal na leader at mga kawani o espesyalista ng LDS Family Services.

**MGA PATAKARAN NG PROGRAMA**

1. Ang hosting stake o district president ang nag-aapruba sa pagbuo ng bagong recovery program miting sa nasasakupan ng kanyang stake o district at siyang humihiling na idaos ang bagong miting sa LDS Family Services o sa area welfare manager. Ang hosting stake o district president ang may responsibilidad na pangasiwaan ang programa sa kanyang lugar, ngunit maaari

niyang italaga ang pangangasiwa ng programa sa isang counselor sa stake o district presidency, sa isang miyembro ng stake high council, o sa isang espesyalista ng LDSFS.

2. Ang mga banal na kasulatan, mga magasin ng Simbahan, *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon,* at ang *Spouse and Family Support Guide* ang mga materyal na tanging dapat gamitin sa mga recovery at support meeting. Ang ibang mga materyal o mga lathalain ay hindi hinihikayat gamitin, ipinagbibili, o ipinamamahagi bago, o matapos ang mga recovery at support meeting o aktibidad.
3. Ang mga recovery at support meeting na idinaraos sa mga pasilidad ng Simbahan ay hindi dapat idaos sa parehong oras o sa parehong lugar sa gusali kung saan may mga aktibidad ang mga kabataan, maliban na lamang kung may pahintulot ng hosting stake o district president.
4. Ang impormasyong ibinahagi sa mga recovery at support meeting ay dapat panatilihing kompidensyal.
5. Ang stake o district president ang nagbibigay ng pahintulot sa pagdaraos ng mga debosyonal o fireside na may kinalaman sa addiction recovery program, at dapat isama sa mga miting na iyon ang espirituwal na mensahe na may kaugnayan sa mga alituntunin ng pagpapagaling.
6. Walang mga mensahe o pagtatanghal tungkol sa addiction recovery program ang ibibigay o gagawin sa mga sacrament meeting o sa iba pang mga miting na may mga kabataan at mga bata na dumadalo. Pinahihintulutan ang mga patalastas tungkol sa ARP.
7. Maaaring hilingin ng mga lider ng Simbahan na ilahad ang mga ulat tungkol sa programa sa mga miting ng priesthood, Relief Society, at ward at stake council.
8. Ang mga kalahok ng programa ay hinihikayat na regular na magmiting kasama ang kanilang bishop, branch president, o iba pang itinalagang ecclesiastical leader upang talakayin ang antas ng kanilang paggaling at tumanggap ng karagdagang suporta.
9. Kapag nagkaroon ng mga problema sa media, nakikipagtulungan ang mga espesyalista sa media ng Simbahan sa mga kawani o espesyalista ng LDS Family Services upang malutas ang gayong mga problema, ayon sa patakaran ng LDS Family Services at ng Simbahan.
10. Kabilang sa opisyal na website ng Simbahan na nagtataguyod ng ARP ay ang LDS.org, arp.lds.org, LDSFamilyServices.org, overcomingpornography.org, at providentliving.org. Ang paglikha ng iba pang website upang itaguyod ang programa ay hindi inaaprubahan.
11. Ang mga miyembro ng pamilya na sumusuporta sa isang tao na may problema sa adiksiyon ay maaaring makibahagi sa mga recovery group meeting.
12. Ang mga group leader ay maaaring magbigay ng priesthood blessing sa mga kalahok matapos silang hikayatin na sa kanilang kapamilya, home teacher, o bishop muna magpabasbas.
13. Ang mga program coordinator o group leader ay dapat magbigay ng buwanang statistical report sa kawani ng LDS Family Services, sa espesyalista ng

LDSFS, o sa area welfare manager sa pamamagitan ng admin page ng arp.lds.org.

14. Ang nakalagay lamang sa name badge ng ARP Church-service missionary ay ang mga sumusunod: (1) ang pangalan ng missionary, (2) ang LDS Family Services, at ang (3) Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.
15. Ang mga full-time missionary ay hindi tinutulutang makibahagi sa mga recovery at support meeting bilang mga kalahok. Sa pahintulot ng kanilang mission president, maaari silang magdala ng mga investigator sa mga miting.
16. Ang addiction recovery program ay maaaring iangkop upang mas matugunan ang kultura ng mga grupo sa lugar. Ang gayong pag-aakma ay dapat aprubahan ng Area Presidency. Ipinaaalam ng stake o district president sa kawani o espesyalista ng LDS Family Services ang mga pagbabago.
17. Walang babayaran sa pagdalo ng mga group meeting. Kung nais ng mga kalahok, maaari silang bumili ng mga nilimbag na kopya ng *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon* mula sa distribution center o store.lds.org; ang mga digital na kopya ay makukuha nang libre sa arp.lds.org at sa Gospel Library. Ang *Spouse and Family Support Guide* ay makukuha rin nang libre sa online sa arp.lds.org. Maaaring magkaroon ng marami pang kopya na maaaring hiramin mula sa grupo, na dapat lagyan ng tatak na "Kopya ng Grupo."

**MGA TUNTUNIN SA PANGANGASIWA**

1. Ang mga kawani ng LDS Family Services, mga espesyalista ng LDS Family Services, o ang mga area welfare manager ang nangangasiwa ng addiction recovery program sa kanilang lugar.
2. Ang lokal na Area Seventy ay dapat regular na makatanggap ng ulat tungkol sa addiction recovery program mula sa mga kawani ng LDS Family Services, sa espesiyalista ng LDS Family Services, o sa area welfare manager, lalo na kung ipinapatupad ang programa sa iba't ibang stake sa area.
3. Ang mga program coordinator, sa ilalim ng pamamahala ng mga kawani ng LDS Family Services, espesiyalista ng LDS Family Services, o mga area welfare manager ay regular na nagdaraos ng mga training para sa mga group leader at mga facilitator.
4. Ang mga group leader o facilitator ay dapat i-release mula sa iba pa nilang gawain sa Simbahan kung nararapat o kinakailangan.
5. Dapat kontakin ng mga group leader o facilitator ang lokal na awtoridad sa oras ng anumang kagipitan o masamang insidente na naganap sa recovery o support meeting.
6. Anumang kahalayan na hinihinalang nangyari sa pagitan ng group leader o facilitator at ng isang dumadalo sa mga miting ay dapat kaagad na i-ulat sa kawani ng LDS Family Services o espesiyalista ng LDS Family Services , na siyang mag-uulat sa LDS Family Services central office o sa area welfare manager. Pagkatapos ay kokontakin nila ang abuse line ng Simbahan o ang area legal counsel kung nararapat.

7. Kapag may isang kalahok na palagiang ginagambala ang ibang mga kalahok, nararapat tulungan ng program coordinator o group leader ang kalahok na iyon na itigil ang di-magandang pag-uugali. Kung ayaw pa ring tumigil sa panggugulo ang kalahok, dapat na nilang sabihan ang kalahok na huwag nang pumunta sa mga miting.
8. Ang hosting stake o district president ay dapat makatanggap ng statistical report kahit minsan sa tatlong buwan mula sa mga kawani ng LDS Family Services, espesiyalista ng LDS Family Services , o sa mga area welfare manager. Bukod pa rito, ang mga kawani ng LDS Family Services, espesiyalista ng LDS Family Services, area welfare manager, o mga program coordinator ay dapat makipag-usap sa mga hosting stake president tungkol sa anumang mahalagang isyung may kinalaman sa mga recovery at support meeting na idinaos sa kanilang stake. (Paalala: Sa paggawa nito, dapat nilang panatilihin ang anonymity [hindi pagbanggit ng buong pangalan at identidad] ng lahat ng kalahok at confidentiality [pagiging kompidensyal] ng impormasyong ibinahagi sa mga recovery at support meeting.)

## APENDIKS


Anyo at Dayalogo ng Miting ng Addiction Recovery Program 17

Anyo at Dayalogo ng Miting ng Call-In Addiction Recovery Program 19

Anyo at Dayalogo ng Miting ng Spouse and Family Support 21

Anyo at Dayalogo ng Miting ng Call-In Spouse and Family Support 23

Mahahalagang Bagay na Dapat Tandaan sa Paggabay sa mga Miting ng Addiction Recovery Program 26

Mahahalagang Bagay na Dapat Tandaan sa Paggabay sa mga Miting ng Call-In Addiction Recovery Program 30

Kilalanin at Masayang Tanggapin ang Baguhan 34

Suporta sa Pagrekober 36

Addiction Recovery Program Group Request 42

## ANYO AT DAYALOGO NG MITING NG ADDICTION RECOVERY PROGRAM

GROUP LEADER

[*Paalala:* Ang naka-italic na teksto sa ibaba ay nagsasaad ng mga dapat mong gawin. Ang roman text o hindi naka-italic ang nagsasaad ng mga dapat mong sabihin.]

1. ***Masayang batiin ang grupo:*** Masaya kami na makasama kayo sa miting ng addiction recovery program ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ako si Elder/Brother/Sister __[apelyido mo]__. Ang kasama ko ay si Elder/Brother/Sister __[apelyido ng kasama mo]__, at kami ang inyong mga group leader.

*Gawin o sabihin ang sumusunod:*

- Mayroon ba rito na ngayon pa lang nakapunta? Salamat sa pagpunta ninyo sa miting.
- *Anyayahan ang mga kalahok na magpakilala nang hindi na sinasabi ang kanilang apelyido.*
- Paki-patay lamang ang inyong cell phone.
- *Sabihin ang mga patalastas.*
- Sino ang nais magbigay ng pambungad na panalangin?

2. ***Basahin ang mission statement:*** "Ang mga miting ng addiction recovery program ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay tumutulong sa mga taong nagnanais na gumaling mula sa adiksiyon. Inaanyayahan din namin ang mga pamilya at mga kaibigan na naaapektuhan ng adiksiyon ng iba. Kami ay isang grupo ng mga kapatid sa Simbahan na nagbabahagi ng aming karanasan, pananampalataya, at pag-asa habang pinag-aaralan at isinasabuhay namin ang mga alituntunin ng ebanghelyo na kaugnay ng 12 hakbang sa paggaling. Ang aming mga miting ay lugar na panatag na makapagbabahagi nang tapat ang sinuman dahil sinusunod namin ang mga alituntunin ng confidentiality at anonymity, at ang aming pananalita at pag-uugali ay nakapag-aanyaya ng Espiritu. Sa pagsasabuhay namin ng 12 hakbang na ito, nabibigyan kami ng lakas ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala na paglabanan ang adiksiyon at lubusang matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo. Ang mga pamilya at kaibigan na gumagawa ng 12 hakbang na ito ay makahahanap din ng pag-asa at paggaling para sa kanilang sarili."
3. ***Ipaalam ang 12 hakbang:*** Lilibot kami sa silid at magsasalitan na tayo sa pagbasa ng bawat isa sa 12 hakbang na matatagpuan sa pahina iv ng guidebook na *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon).* Inaanyayahan namin ang bawat isa na magbasa ng isang hakbang. Maaari kayong hindi magbasa kung nais ninyong makinig lamang.
4. ***Ipaalam ang hakbang na pag-aaralan:*** Bawat linggo ay tututok tayo sa iba't ibang hakbang sa paggaling. Ngayong linggong ito ay babasahin natin ang hakbang __[bilang]__, simula sa pahina __[bilang]__ ng guidebook. Lilibot kami sa silid, at bawat isa na nais magbasa ay magbabasa ng isa o dalawang talata. Maaari kayong hindi magbasa kung nais ninyo na makinig lamang. *[Sabihin lamang ang susunod na pangungusap kung angkop sa inyong grupo.]* Mayroon tayong ekstrang kopya ng guidebook na maaari ninyong gamitin sa miting na ito kung wala kayong kopya. *[Ipabasa na ang susunod na pangungusap.]* Habang may nagbabasa, pakinggan ang mga pananaw, naramdaman, at naranasan ng mga gumawa na ng hakbang na ito na kung saan ay nakakapag-ugnay kayo. Hihinto tayo sandali sa katapusan ng bawat bahagi upang talakayin ang binasa natin. Pakitaas lamang ang inyong kamay at hintaying tawagin kayo para isa-isa lang ang nagsasalita. Tatapusin natin ang pagbabasa at talakayan sa ganap na __[itinakdang oras]__upang may oras pa para sa pagbabahagi. Sino ang nais na unang magbasa?
5. ***Ipaalam ang mga gagawin:*** Ang 12 hakbang na ito ay mga bagay na dapat gawin. Sa pagbabasa natin ng bahaging "Mga Gagawin," marami pa tayong malalaman tungkol sa paggaling at pagkilos ayon sa ebanghelyo na magagawa natin para makalapit kay Cristo at makatanggap ng lakas na gumaling mula sa adiksiyon. *[Sabihin sa kalahok na susunod na magbabasa at magbabahagi na simulan ang pagbabasa ng bahaging "Mga Gagawin," at anyayahan ang bawat kalahok na susunod na sa listahan na magbasa ng isa o dalawang talata, hanggang sa katapusan ng bahaging iyon.]*

6. ***Ipakilala ang facilitator:*** Ibibigay na natin ang oras sa ating facilitator na si,__[pangalan ng facilitator, huwag banggitin ang apelyido]__upang siya ang managsiwa ng oras ng pagbabahagi.

FACILITATOR

7. ***Simulan ang susunod na bahagi ng miting sa pagbabahagi ng facilitator (gawin ito nang hanggang limang minuto lamang):*** Hi, Ako si__[pangalan mo, huwag banggitin ang apelyido]__. Dati akong nalulong sa bisyo. *Ikuwento ang iyong magagandang naranasan sa paggaling na may kaugnayan sa hakbang na tinatalakay para sa linggong ito, at magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas.*
8. ***Simulan ang pagbabahagi ng grupo:***
   - *[Basahin ang unang pangungusap kung angkop.]* Sa inyo na kasama na namin sa simula pa lang ng miting, masaya kami na makasama kayo. Sisimulan na natin ang oras ng pagbabahagi. Ikuwento kung paano ang inyong paggaling mula sa adiksiyon ay maiuugnay bilang bahagi ng paggaling, ang hakbang na tinatalakay natin sa linggong ito, o ang hakbang na kasalukuyan ninyong ginagawa. Magpokus lamang sa pagbabahagi ng solusyon sa halip na problema. Iwasan ang detalyadong paglalarawan ng inyong adiksiyon. Tandaan na ang pagsasabi ng bagay na walang kinalaman sa pinag-uusapan o pagbibigay ng komento sa sinabi ng isang kalahok, ay hindi nararapat. Maaari din kayong hindi magbahagi kung nais ninyong makinig lamang.
   - Dahil may confidentiality at anonymity sa miting na ito masasabi nang tapat ng sinuman ang nais niyang sabihin nang panatag ang kalooban. Kaya tandaan ang sinasabi ng Alcoholics Anonymous: "Sinuman ang makita mo rito, anuman ang marinig mo, kapag umalis ka na, mananatili lamang ito rito." Upang mapanatili ang anonymity, magpakilala nang hindi sinasabi ang inyong apelyido.
   - Tatapusin natin ang oras ng pagbabahagi limang minuto bago matapos ang miting, sa ganap na__[itinakdang oras]__. Pagkatapos ay mapapakinggan natin ang huling mensahe mula kay Elder/Brother/Sister _[pangalan ng isa mga group leader]__. Kayo naman ngayon ang magbabahagi ng mga karanasan ninyo na nagpapakita ng pananampalataya at pag-asa. Mayroon kayong tatlo hanggang limang minuto upang magbahagi. Magbibigay ako ng signal kapag tapos na ang inyong oras upang magbahagi. Sa miting na ito sisimulan natin ito kay *__[piliin nang isa-isa ang nasa silid o maghanap ng boluntaryo]__*. Sino ang nais magsimulang magbahagi?
9. ***Tapusin ang pagbabahagi ng grupo:*** Maraming salamat sa partisipasyon ninyo. Ibibigay na nating muli ang oras kay Elder/Brother/Sister __[pangalan ng isa sa mga group leader]__.

GROUP LEADER

10. ***Tapusin ang miting sa pagbabahagi ng group leader (gawin lamang ito sa loob ng limang minuto):*** *Ipakilalang muli ang iyong sarili, kung kinakailangan (halimbawa, kung may mga huling dumating na maaaring hindi ka kilala).* Ako si Elder/Brother/Sister __[apelyido mo]__. *Ipokus ang huling mensahe sa mga alituntunin at pamamaraan ng paggaling at sa patotoo mo sa Tagapagligtas. Tapusin nang maaga ang pagbabahagi upang matapos ang miting sa takdang oras.*
11. ***Tapusin ang miting sa sumusunod na pahayag:*** Tandaan lamang na ang naibahagi rito ay kompidensiyal at ang mga opinyon ay personal na opinyon ng naghayag at hindi nangangahulugang kumakatawan sa mga pananaw ng LDS Family Services o ng mga paniniwala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Hinihikayat namin kayo na bumili ng sariling kopya ng guidebook upang makapagtala kayo sa oras ng miting. Inirerekomenda rin namin na gamitin ninyo ang mga bahaging "Mga Gagawin" at "Pag-aaral at Pag-unawa" sa mga miting upang mapag-ibayo ang inyong narinig at naranasan sa miting na ito. Alam namin na ang tunay na pakikipag-ugnayan sa iba ay mahalaga sa paggaling, at inaanyayahan namin kayo na gamitin ang dokumento na "Suporta sa Pagrekober" (makukuha mula sa mga lider ng grupo) bilang gabay kapag humingi kayo ng lakas at suporta sa iba. Maraming salamat sa inyong partisipasyon. Ang pagdalo ninyo rito ay nagpapakita ng inyong kapakumbabaan at pananampalataya na nagbibigay ng pag-asa sa lahat ng dumalo ngayon. Sino ang nais magbigay ng pangwakas na panalangin?
12. ***Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.***

## ANYO AT DAYALOGO NG MITING NG CALL-IN ADDICTION RECOVERY PROGRAM

GROUP LEADER

[*Paalala:* Ang naka-italic na teksto sa ibaba ay nagsasaad ng mga dapat mong gawin. Ang roman text o hindi naka-italic ang nagsasaad ng mga dapat mong sabihin.]

1. ***Masayang batiin ang grupo:*** Masaya kami na makasama kayo sa miting ng addiction recovery program ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ako si Elder/Brother/Sister __[apelyido mo]__. Ang kasama ko ay si Elder/Brother/Sister __[apelyido ng kasama mo]__, at kami ang inyong mga group leader.

*Gawin o sabihin ang sumusunod:*

- Mayroon ba rito na ngayon pa lang nakapunta? Salamat sa pagpunta ninyo sa miting.
- *Anyayahan ang mga kalahok na magpakilala nang hindi na sinasabi ang kanilang apelyido.*
- Paki-patay lamang ang inyong cell phone.
- *Sabihin ang mga patalastas.*
- Sino ang nais magbigay ng pambungad na panalangin?

2. ***Basahin ang mission statement:*** "Ang mga miting ng addiction recovery program ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay tumutulong sa mga taong nagnanais na gumaling mula sa adiksiyon. Inaanyayahan din namin ang mga pamilya at mga kaibigan na naaapektuhan ng adiksiyon ng iba. Kami ay isang grupo ng mga kapatid sa Simbahan na nagbabahagi ng aming karanasan, pananampalataya, at pag-asa habang pinag-aaralan at isinasabuhay namin ang mga alituntunin ng ebanghelyo na kaugnay ng 12 hakbang sa paggaling. Ang aming mga miting ay lugar na panatag na makapagbabahagi nang tapat ang sinuman dahil sinusunod namin ang mga alituntunin ng confidentiality at anonymity, at ang aming pananalita at pag-uugali ay nakapag-aanyaya ng Espiritu. Sa pagsasabuhay namin ng 12 hakbang na ito, nabibigyan kami ng lakas ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala na paglabanan ang adiksiyon at lubusang matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo. Ang mga pamilya at kaibigan na gumagawa ng 12 hakbang na ito ay makahahanap din ng pag-asa at paggaling para sa kanilang sarili."
3. ***Ipaalam ang 12 hakbang:*** Lilibot kami sa silid at magsasalitan na tayo sa pagbasa ng bawat isa sa 12 hakbang na matatagpuan sa pahina iv ng guidebook na *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon).* Inaanyayahan namin ang bawat isa na magbasa ng isang hakbang. Maaari kayong hindi magbasa kung nais ninyong makinig lamang.
4. ***Ipaalam ang hakbang na pag-aaralan:*** Bawat linggo ay tututok tayo sa iba't ibang hakbang sa paggaling. Ngayong linggong ito ay babasahin natin ang hakbang __[bilang]__, simula sa pahina __[bilang]__ ng guidebook. Lilibot kami sa silid, at bawat isa na nais magbasa ay magbabasa ng isa o dalawang talata. Maaari kayong hindi magbasa kung nais ninyo na makinig lamang. *[Sabihin lamang ang susunod na pangungusap kung angkop sa inyong grupo.]* Mayroon tayong ekstrang kopya ng guidebook na maaari ninyong gamitin sa miting na ito kung wala kayong kopya. *[Ipabasa na ang susunod na pangungusap.]* Habang may nagbabasa, pakinggan ang mga pananaw, naramdaman, at naranasan ng mga gumawa na ng hakbang na ito na kung saan ay nakakapag-ugnay kayo. Hihinto tayo sandali sa katapusan ng bawat bahagi upang talakayin ang binasa natin. Pakitaas lamang ang inyong kamay at hintaying tawagin kayo para isa-isa lang ang nagsasalita. Tatapusin natin ang pagbabasa at talakayan sa ganap na __[itinakdang oras]__upang may oras pa para sa pagbabahagi. Sino ang nais na unang magbasa?
5. ***Ipaalam ang mga gagawin:*** Ang 12 hakbang na ito ay mga bagay na dapat gawin. Sa pagbabasa natin ng bahaging "Mga Gagawin," marami pa tayong malalaman tungkol sa paggaling at pagkilos ayon sa ebanghelyo na magagawa natin para makalapit kay Cristo at makatanggap ng lakas na gumaling mula sa adiksiyon. *[Sabihin sa kalahok na susunod na magbabasa at magbabahagi na simulan ang pagbabasa ng bahaging "Mga Gagawin," at anyayahan ang bawat kalahok na susunod na sa listahan na magbasa ng isa o dalawang talata, hanggang sa katapusan ng bahaging iyon.]*

6. ***Ipakilala ang facilitator:*** Ibibigay na natin ang oras sa ating facilitator na si,__[pangalan ng facilitator, huwag banggitin ang apelyido]__upang siya ang managsiwa ng oras ng pagbabahagi.

FACILITATOR

7. ***Simulan ang susunod na bahagi ng miting sa pagbabahagi ng facilitator (gawin ito nang hanggang limang minuto lamang):*** Hi, Ako si__[pangalan mo, huwag banggitin ang apelyido]__. Dati akong nalulong sa bisyo. *Ikuwento ang iyong magagandang naranasan sa paggaling na may kaugnayan sa hakbang na tinatalakay para sa linggong ito, at magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas.*
8. ***Simulan ang pagbabahagi ng grupo:***
   - *[Basahin ang unang pangungusap kung angkop.]* Sa inyo na kasama na namin sa simula pa lang ng miting, masaya kami na makasama kayo. Sisimulan na natin ang oras ng pagbabahagi. Ikuwento kung paano ang inyong paggaling mula sa adiksiyon ay maiuugnay bilang bahagi ng paggaling, ang hakbang na tinatalakay natin sa linggong ito, o ang hakbang na kasalukuyan ninyong ginagawa. Magpokus lamang sa pagbabahagi ng solusyon sa halip na problema. Iwasan ang detalyadong paglalarawan ng inyong adiksiyon. Tandaan na ang pagsasabi ng bagay na walang kinalaman sa pinag-uusapan o pagbibigay ng komento sa sinabi ng isang kalahok, ay hindi nararapat. Maaari din kayong hindi magbahagi kung nais ninyong makinig lamang.
   - Dahil may confidentiality at anonymity sa miting na ito masasabi nang tapat ng sinuman ang nais niyang sabihin nang panatag ang kalooban. Kaya tandaan ang sinasabi ng Alcoholics Anonymous: "Sinuman ang makita mo rito, anuman ang marinig mo, kapag umalis ka na, mananatili lamang ito rito." Upang mapanatili ang anonymity, magpakilala nang hindi sinasabi ang inyong apelyido.
   - Tatapusin natin ang oras ng pagbabahagi limang minuto bago matapos ang miting, sa ganap na__[itinakdang oras]__. Pagkatapos ay mapapakinggan natin ang huling mensahe mula kay Elder/Brother/Sister _[pangalan ng isa mga group leader]__. Kayo naman ngayon ang magbabahagi ng mga karanasan ninyo na nagpapakita ng pananampalataya at pag-asa. Mayroon kayong tatlo hanggang limang minuto upang magbahagi. Magbibigay ako ng signal kapag tapos na ang inyong oras upang magbahagi. Sa miting na ito sisimulan natin ito kay *__[piliin nang isa-isa ang nasa silid o maghanap ng boluntaryo]__*. Sino ang nais magsimulang magbahagi?
9. ***Tapusin ang pagbabahagi ng grupo:*** Maraming salamat sa partisipasyon ninyo. Ibibigay na nating muli ang oras kay Elder/Brother/Sister __[pangalan ng isa sa mga group leader]__.

GROUP LEADER

10. ***Tapusin ang miting sa pagbabahagi ng group leader (gawin lamang ito sa loob ng limang minuto):*** *Ipakilalang muli ang iyong sarili, kung kinakailangan (halimbawa, kung may mga huling dumating na maaaring hindi ka kilala).* Ako si Elder/Brother/Sister __[apelyido mo]__. *Ipokus ang huling mensahe sa mga alituntunin at pamamaraan ng paggaling at sa patotoo mo sa Tagapagligtas. Tapusin nang maaga ang pagbabahagi upang matapos ang miting sa takdang oras.*
11. ***Tapusin ang miting sa sumusunod na pahayag:*** Tandaan lamang na ang naibahagi rito ay kompidensiyal at ang mga opinyon ay personal na opinyon ng naghayag at hindi nangangahulugang kumakatawan sa mga pananaw ng LDS Family Services o ng mga paniniwala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Hinihikayat namin kayo na bumili ng sariling kopya ng guidebook upang makapagtala kayo sa oras ng miting. Inirerekomenda rin namin na gamitin ninyo ang mga bahaging "Mga Gagawin" at "Pag-aaral at Pag-unawa" sa mga miting upang mapag-ibayo ang inyong narinig at naranasan sa miting na ito. Alam namin na ang tunay na pakikipag-ugnayan sa iba ay mahalaga sa paggaling, at inaanyayahan namin kayo na gamitin ang dokumento na "Suporta sa Pagrekober" (makukuha mula sa mga lider ng grupo) bilang gabay kapag humingi kayo ng lakas at suporta sa iba. Maraming salamat sa inyong partisipasyon. Ang pagdalo ninyo rito ay nagpapakita ng inyong kapakumbabaan at pananampalataya na nagbibigay ng pag-asa sa lahat ng dumalo ngayon. Sino ang nais magbigay ng pangwakas na panalangin?
12. ***Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.***

## ANYO AT DAYALOGO NG MITING NG SPOUSE AND FAMILY SUPPORT

GROUP LEADER

[*Paalala:* Ang naka-italic na teksto sa ibaba ay nagsasaad ng mga dapat mong gawin. Ang roman text o hindi naka-italic ang nagsasaad ng mga dapat mong sabihin.]

1. ***Masayang batiin ang grupo:*** Masaya kami na makasama kayo sa miting ng spouse and family support ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ako si Elder/Brother/Sister __[apelyido mo]__. Ang kasama ko ay si Elder/Brother/Sister __[apelyido ng kasama mo]__, at kami ang inyong mga group leader.

*Gawin o sabihin ang sumusunod:*

- Mayroon ba rito na ngayon pa lang nakapunta?
- *Anyayahan ang mga kalahok na magpakilala nang hindi na sinasabi ang kanilang apelyido.*
- Paki-patay lamang ang inyong cell phone.
- *Sabihin ang mga patalastas.*
- Sino ang nais magbigay ng pambungad na panalangin?

2. ***Basahin ang mission statement:*** "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ang mga miting sa spouse and family support ay tumutulong sa mga tao na may mga mahal sa buhay na lulong sa pornograpiya o may adiksiyon. Kami ay isang grupo ng mga kapatid sa Simbahan na nagbabahagi ng aming karanasan, pananampalataya, at pag-asa habang pinag-aaralan at ipinamumuhay namin ang mga aliituntunin ng ebanghelyo na kaugnay ng *Spouse and Family Support Guide.* Ang aming mga miting ay lugar na panatag na makapagbabahagi nang tapat ang sinuman dahil sinusunod namin ang mga aliituntunin ng confidentiality at anonymity, at ang aming pananalita at pag-uugali ay nakapag-aanyaya ng Espiritu. Sa pamumuhay namin ng mga aliituntuning ito ng ebanghelyo, nabibigyan kami ng lakas ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala na makahanap ng pag-asa at paggaling at lubusang matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo."
3. ***Simulan ang pagbabasa at talakayan sa miting:*** Bawat linggo ay iba't ibang aliituntunin ang ating pagtutuunan. Lilibot kami sa silid, at sinuman ay maaaring magbasa ng isang talata kung nais niya. Maaari kayong hindi magbasa kung nais ninyong makinig lamang. *[Sabihin lamang ang susunod na pangungusap kung angkop sa inyong grupo.]* Mayroon tayong mga ekstrang kopya ng guidebook na magagamit ninyo sa miting na ito kung wala kayong kopya. *[Ipabasa na ang susunod na pangungusap.]* Habang may nagbabasa, pakinggan ang mga binanggit na pananaw at saloobin na tumatak ang kahulugan para sa inyo. Hihinto rin tayo sandali sa bawat bahagi upang pag-usapan ang ating nabasa. Pakitaas lamang ang inyong kamay at hintaying tawagin kayo para isa-isa lang ang nagsasalita. Tatapusin natin ang pagbabasa at talakayan sa ganap na __[itinakdang oras]__upang may oras pa para sa pagbabahagi. Sino ang nais na unang magbasa?
4. ***Isaisip ang mga sumusunod na instruksyon habang pinangungunahan mo ang talakayan:***
   - *Ipabasa muna ang bawat bahagi bago talakayin ang mga tanong sa katapusan ng bawat bahagi.*
   - *Hayaang ang mga kalahok ang sumagot ng mga tanong ng bawa't isa.*
   - *Tulungan ang mga kalahok na pagtuunan ang pamumuhay ng mga aliituntunin ng ebanghelyo.*
   - *Huwag hayaan na ang iisang kalahok lamang ang magsalita sa talakayan.*
   - *Ipabasa at ipatalakay sa grupo ang lahat ng bahagi ng aliituntunin maliban na lamang kung ipinahiwatig ng Espiritu na huwag gawin ito o kulang na sa oras.*
   - *Tapusin ang talakayan sa itinakdang oras upang may sapat na oras pa para sa pagbabahagi.*
5. ***Ipakilala ang facilitator:*** Ibibigay na natin ang oras sa ating facilitator na si,__[pangalan ng facilitator, huwag banggitin ang apelyido]__upang siyang mangasiwa ng oras ng pagbabahagi.

FACILITATOR

6. ***Simulan ang susunod na bahagi ng miting sa pagbabahagi ng facilitator (gawin ito nang hanggang limang minuto lamang):*** Hi, Ako si__[pangalan mo, huwag banggitin ang apelyido]__. Ako ang inatasang mangasiwa ng talakayan sa miting ngayon. *Ikuwento ang magagandang naranasan mo sa paggaling na may kaugnayan sa alituntunin sa linggong ito, at magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas.*
7. ***Ipaalam ang oras ng pagbabahagi ng miting:***
   - [*Basahin lamang ang sumusunod na pangungusap kung angkop.]* Sa inyo na kasama na namin sa simula pa lang ng miting, masaya kami na makasama kayo. Sisimulan na natin ang oras ng pagbabahagi. Inaanyayahan kayong ibahagi ang inyong personal na karanasan na nagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Magpokus lamang sa pagbabahagi ng solusyon sa halip na problema. Iwasan ang detalyadong paglalarawan ng adiksiyon ng inyong mahal sa buhay. Maaari din kayong hindi magbahagi kung nais ninyong makinig lamang.
   - Dahil may confidentiality at anonymity sa miting na ito masasabi nang tapat ng sinuman ang nais niyang sabihin nang panatag ang kalooban. Upang mapanatili ang alituntunin ng anonymity, mag-pakilala nang hindi sinasabi ang inyong apelyido.
   - Tatapusin natin ang oras ng pagbabahagi limang minuto bago matapos ang miting, sa ganap na__[itinakdang oras]__. Kayo naman ngayon ang magbabahagi ng mga karanasan ninyo na nag-papakita ng pananampalataya at pag-asa. Mayroon kayong tatlo hanggang limang minuto upang magbahagi. Magbibigay ako ng signal kapag tapos na ang inyong oras upang magbahagi. Sa miting na ito sisimulan natin ito kay *__[piliin nang isa-isa ang nasa silid o maghanap ng boluntaryo]__*. Sino ang nais magsimulang magbahagi?
8. ***Tapusin ang pagbabahagi ng grupo:*** Maraming salamat sa inyong partisipasyon. Ibibigay na nating muli ang oras kay Elder/Brother/Sister __[pangalan ng isa sa mga group leader]__.

GROUP LEADER

9. ***Tapusin ang miting sa pagbabahagi ng group leader (gawin lamang ito sa loob ng limang minuto):*** *Ipaki-lalang muli ang iyong sarili, kung kinakailangan (halimbawa, kung may mga huling dumating na maaaring hindi ka kilala).* Ako si Elder/Brother/Sister __[apelyido mo]__. *Ipokus ang huling mensahe sa mga alituntu-nin at pamamaraan ng paggaling at sa patotoo mo sa Tagapagligtas. Tapusin nang maaga ang pagbabahagi upang matapos ang miting sa takdang oras.*
10. ***Tapusin ang miting sa sumusunod na pahayag:*** Tandaan lamang na ang naibahagi rito ay kompidensiyal at ang mga opinyon ay personal na opinyon ng naghayag at hindi nangangahulugang kumakatawan sa mga pananaw ng LDS Family Services o ng mga paniniwala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Rebyuhin lamang ang mga bahaging “Pag-aaral ng Ebanghelyo” at “Personal na Pag-aaral at Pagpapamuhay” sa mga miting upang mapag-ibayo ang inyong narinig at naranasan sa miting na ito. Alam namin na ang tunay na pakikipag-ugnayan sa iba ay mahalaga sa pagrekober at paggaling, at inaanyayahan namin kayo na gamitin ang dokumento na “Suporta sa Pagrekober” (makukuha mula sa mga lider ng grupo) bilang gabay kapag humingi kayo ng lakas at suporta sa iba. Maraming salamat sa inyong partisipasyon.
11. ***Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.***

## ANYO AT DAYALOGO NG MITING NG CALL-IN SPOUSE AND FAMILY SUPPORT

GROUP LEADER

[*Paalala:* Ang naka-italic na teksto sa ibaba ay nagsasaad ng mga dapat mong gawin. Ang roman text o hindi naka-italic ang nagsasaad ng mga dapat mong sabihin.]

1. ***Masayang batiin ang grupo:*** Masaya kami na makasama kayo sa miting ng spouse and family support ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ako si Elder/Brother/Sister __[apelyido mo]__. Ang kasama ko ay si Elder/Brother/Sister __[apelyido ng kasama mo]__, at kami ang inyong mga group leader.
    - Ang mga call-in meeting ay ginagawa upang hindi na kailangan pang bumiyahe, mas maraming tao ang makalahok sa miting, at magkaroon ng anonymity na hindi posibleng mangyari sa miting na personal. Malaki ang naitutulong ng mga call-in meeting, ngunit mas maganda pa rin ang mga personal na miting.
    - Pakipatay lamang ang anumang electronic device na maaaring makagambala sa miting, at huwag kalimutang i-mute ang telepono ninyo kapag hindi kayo nagsasalita. Kung walang mute button ang telepono ninyo, pindutin lamang ninyo ang star-6 (*6), at ang WebEx na ang bahalang mag-mute at mag-unmute ng inyong telepono. Sa pagsunod sa mga instruksyon na ito mas magiging malinaw ang audio reception para sa lahat ng kalahok at mas madali nating madarama ang Espiritu.
    - Kompidensyal ang miting na ito. Upang masiguro ang anonymity, hinihiling namin na pumuwesto kayo sa lugar na malayo sa mga hindi kalahok at huwag irekord ang miting. Sikapin na panatilihing kompidensyal ang pag-uusapan sa miting na ito upang mapanatag ang lahat ng kalahok. Gayunman, sana'y maunawaan ninyo na hindi magagarantiyahan ng LDS Family Services ang confidentiality.
    - *Sabihin ang mga patalastas.*
    - Sino ang nais magbigay ng pambungad na panalangin?
2. ***Basahin ang mission statement:*** "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ang mga miting sa spouse and family support ay tumutulong sa mga tao na may mga mahal sa buhay na lulong sa pornograpiya o may adiksiyon. Kami ay isang grupo ng mga kapatid sa Simbahan na nagbabahagi ng aming karanasan, pananampalataya, at pag-asa habang pinag-aaralan at ipinamumuhay namin ang mga aliutuntunin ng ebanghelyo na kaugnay ng *Spouse and Family Support Guide.* Ang aming mga miting ay lugar na panatag na makapagbabahagi nang tapat ang sinuman dahil sinusunod namin ang mga aliutuntunin ng confidentiality at anonymity, at ang aming pananalita at pag-uugali ay nakapag-aanyaya ng Espiritu. Sa pamumuhay namin ng mga aliutuntuning ito ng ebanghelyo, nabibigyan kami ng lakas ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala na makahanap ng pag-asa at paggaling at lubusang matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo."
3. ***Simulan ang pagbabasa at talakayan sa miting:*** Bawat linggo ay iba't ibang aliutuntunin ang ating pagtutuunan. Maaaring magbasa ng isa o dalawang talata ang bawat isa. Sabihin lamang ang pangalan ninyo bago kayo magbasa, at kapag tapos na kayo, inyong sabihin na "Tapos na ako." Maaari din ninyong piliin na makinig lamang. Habang may nagbabasa, pakinggan ang mga pananaw, saloobin, at karanasan na nadama ng mga nakagawa na ng mga hakbang na ito na nakakaugnay kayo. Hihinto tayo sandali sa katapusan ng bawat bahagi upang pag-usapan ang ating nabasa. Huwag lamang kalimutang sabihin ang inyong pangalan bago magbahagi upang malaman natin kung sino ang nagsasalita. Tatapusin natin ang pagbabasa at talakayan sa ganap na __[itinakdang oras]__upang may oras pa para sa pagbabahagi. Maaari bang simulan ni __[participant na nasa unahan ng listahan]__ ang pagbasa?

4. ***Gamitin ang mga sumusunod na instruksyon para sa talakayan:***
   - *Ipabasa muna ang bawat bahagi bago talakayin ang mga tanong sa katapusan ng bawat bahagi.*
   - *Hayaang ang mga kalahok ang sumagot ng mga tanong ng bawa't isa.*
   - *Tulungan ang mga kalahok na pagtuunan ang pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo.*
   - *Huwag hayaan na ang iisang kalahok lamang ang magsalita sa talakayan.*
   - *Ipabasa at ipatalakay sa grupo ang lahat ng bahagi ng alituntunin maliban na lamang kung ipinahiwatig ng Espiritu na huwag gawin ito o kulang na sa oras.*
   - *Tapusin ang talakayan sa itinakdang oras upang may sapat na oras para sa pagbabahagi.*
5. ***Ipakilala ang facilitator:*** Ibibigay na natin ang oras sa ating facilitator na si,__[pangalan ng facilitator, huwag banggitin ang apelyido]__upang siyang mangasiwa ng oras ng pagbabahagi.

FACILITATOR

6. ***Simulan ang susunod na bahagi ng miting sa pagbabahagi ng facilitator (gawin ito nang hanggang limang minuto lang):*** Hi, Ako si__[pangalan mo, huwag banggitin ang apelyido]__. Ako ang inatasang mangasiwa ng oras ng pagbabahagi sa miting ngayon. *Ikuwento ang magagandang naranasan mo sa pagrekober o paggaling na may kaugnayan sa alituntunin sa linggong ito, at magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas.*
7. ***Ipaalam ang oras ng pagbabahagi ng miting:***

- *[Basahin ang unang pangungusap ng talatang ito kung angkop.]* Sa inyo na kasama na namin sa simula pa lang ng miting, masaya kami na makasama kayo. Sisimulan na natin ang oras ng pagbabahagi. Inaanyayahan kayong ibahagi ang inyong personal na karanasan sa pagpapamuhay ng mga alituntuning ito ng ebanghelyo. Magpokus lamang sa pagbabahagi ng solusyon sa halip na problema. Iwasan ang detalyadong paglalarawan ng adiksiyon ng inyong mahal sa buhay. Maaari din kayong hindi magbahagi kung nais ninyong makinig lamang.
  - Dahil may confidentiality at anonymity sa miting na ito masasabi nang tapat ng sinuman ang nais niyang sabihin nang panatag ang kalooban. Upang mapanatili ang alituntunin ng anonymity, magpakilala nang hindi sinasabi ang inyong apelyido.
  - Tatapusin natin ang oras ng pagbabahagi limang minuto bago matapos ang miting, sa ganap na__[itinakdang oras]__. Pagkatapos ay mapapakinggan natin ang huling mensahe mula kay Elder/Brother/Sister _[pangalan ng isa mga group leader]__. Kayo naman ngayon ang magbabahagi ng mga karanasan ninyo na nagpapakita ng pananampalataya at pag-asa. Mayroon kayong tatlo hanggang limang minuto upang magbahagi. Magbibigay ako ng signal *[kumatok nang tatlong beses]* kung tapos na ang oras ninyo para magbahagi. Sa miting na ito susundin natin ang pagkakasunud-sunod sa ating listahan ng mga magbabasa. *[Magsimula sa kalahok na kasunod ng facilitator sa listahan mo ng mga magbabasa at magbabahagi.]*

8. ***Tapusin ang pagbabahagi ng grupo:*** Maraming salamat sa inyong partisipasyon. Ibibigay na nating muli ang oras kay Elder/Brother/Sister __[pangalan ng isa sa mga group leader]__.

GROUP LEADER

9. ***Tapusin ang miting sa pagbabahagi ng group leader (gawin lamang ito sa limang minuto):*** Ipakilalang muli ang iyong sarili, kung kinakailangan (halimbawa, kung may mga huling dumating na maaaring hindi ka kilala). Ako si Elder/Brother/Sister __[apelyido mo]__. *Ipokus ang huling mensahe sa mga alituntunin at pamamaraan ng paggaling at sa patotoo mo sa Tagapagligtas. Tapusin nang maaga ang pagbabahagi upang matapos ang miting sa takdang oras.*
10. ***Tapusin ang miting sa sumusunod na pahayag:*** Tandaan lamang na ang naibahagi rito ay kompidensiyal at ang mga opinyon ay personal na opinyon ng naghayag at hindi nangangahulugang kumakatawan sa mga pananaw ng LDS Family Services o ng mga paniniwala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Rebyuhin lamang ang mga bahaging "Pag-aaral ng Ebanghelyo" at "Personal na Pag-aaral at Pagpapamuhay" sa mga miting upang mapag-ibayo ang inyong narinig at naranasan sa miting na ito. Alam namin na ang tunay na pakikipag-ugnayan sa iba ay mahalaga sa pagrekober at paggaling, at inaanyayahan namin kayo na gamitin ang dokumento na "Suporta sa Pagrekober" (makukuha mula sa mga lider ng grupo) bilang gabay kapag humingi kayo ng lakas at suporta sa iba. Maraming salamat sa inyong partisipasyon.
11. ***Anyayahan ang isang tao na magbigay ng pangwakas na panalangin.***

# Mahahalagang Bagay na Dapat Tandaan

## SA PAGGABAY SA MGA MITING NG ADDICTION RECOVERY PROGRAM

Ang mga sumusunod na bahagi ay tumatalakay sa mahahalagang bagay na dapat tandaan upang magabayan ng mga group leader ang miting ng addiction recovery program.

### PAGHAHANDA BAGO ANG MITING

- Pag-aralang muli ang dokumento na "Anyo at Dayalogo ng Miting ng Addiction Recovery Program" (sa apendiks na ito), at maging pamilyar sa mga ginagawa sa miting.
- Espirituwal na maghanda. Basahin ang nilalaman ng kasalukuyang hakbang sa paggaling, at sikaping iakma ito sa iyong buhay.
- Dumating nang mas maaga ng kahit 15 minuto sa miting upang maihanda ang silid at mabati ang mga maagang magsisidating.

### "MASAYANG BATIIN ANG GRUPO"

- Masayang batiin ang mga kalahok sa kanilang pagdating. Ipakilala ang iyong sarili, itanong ang pangalan ng mga kalahok (para sa mga baguhan), at pasalamatan sila sa kanilang pagpunta.
- Basahin at sundin ang dokumentong "Anyo at Dayalogo ng Miting ng Addiction Recovery Program" sa oras ng miting.
- Simulan ang miting sa takdang oras.
- Kung may mga baguhan, masaya silang batiin at anyayahan silang magpakilala nang hindi sinasabi ang kanilang apelyido.
- Sabihin ang mga patalastas, na maaaring kabilang ang mga pagbabago sa mga miting, mga bagong miting, o mga paparating na debosyonal.
- Itanong kung sino ang nais magbigay ng pambungad na panalangin. Hintayin munang may magboluntaryo na kalahok bago magtawag ng iba (maliban na lamang kung call-in miting ang iyong ginagawa, kung saan sa listahan ng mga dumalo ka pipili ng magdarasal).

### "BASAHIN ANG MISSION STATEMENT"

- Basahin ang eksaktong nakasulat sa mission statement.

**"IPAALAM ANG 12 HAKBANG," "IPAALAM ANG HAKBANG NA PAG-AARALAN", AT "IPAALAM ANG MGA GAGAWIN"**

- Ipadama sa mga kalahok na sila ay minamahal at tinatanggap upang hindi sila mahiyang magbasa o magsabi na hindi sila magbabasa. Ang pagbabasa ay magandang pagkakataon upang makapag-ambag sa miting ang mga kalahok, ngunit ilan sa kanila ay maaaring asiwa na magbasa sa maraming tao o nais na makinig lamang.
- Lagyan ng tatak ang mga ipinamahaging kopya ng *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon* ng "Kopya ng grupo—pakibalik lamang."
- Kapag nakikipag-usap sa grupo, gumamit ng mga pangungusap na nagsisimula sa "ako" o "kami" sa halip na "kayo."
- Pagsapit ng grupo sa bahaging "Mga Gagawin," huminto at basahin ang teksto na kasunod ng "Ipaalam ang mga gagawin" mula sa dokumento na anyo at dayalogo. Pagkatapos ay ipabasa sa kalahok ang bahaging "Mga Gagawin."
- Paalala: Ang impormasyong tinalakay sa ika-apat na hakbang ay napakahalaga sa paggaling. Para sa hakbang na ito, siguruhing ipabasa nang buo ang tungkol dito. Sa mga miting na tumatagal nang isang oras, magbasa hanggang sa bahaging "Apat na kinakailangang elemento" sa pahina 23. Sa mga miting na tumatagal nang isang oras at kalahati, magbasa hanggang sa bahaging "Pag-aaral at Pag-unawa" sa pahina 25.

**"IPAKILALA ANG FACILITATOR"**

- Kung walang facilitator na naroon, hindi na babanggitin ng group leader ang "Ipakilala ang facilitator" at ang "Simulan ang susunod na bahagi ng miting sa pagbabahagi ng facilitator" ng dayalogo at didiretso na kaagad sa "Simulan ang pagbabahagi ng grupo." Pagkatapos ay hihilingin ng group leader sa isang taong gumaling na mula sa adiksiyon na simulan ang pagbabahagi.

**"SIMULAN ANG SUSUNOD NA BAHAGI NG MITING SA PAGBABAHAGI NG FACILITATOR"**

- Ipapakita ng facilitator ang tamang pagbabahagi ng karanasan.
- Magbabahagi siya nang hindi lalampas ng limang minuto.
- Magkukwento ang facilitator ng magandang karanasan niya sa paggaling na may kaugnayan sa hakbang na tatalakayin sa linggong ito.
- Dapat ay magpokus lamang siya sa pagbabahagi ng solusyon sa halip na problema.
- Dapat na magpatotoo siya tungkol sa Tagapagligtas.

**"SIMULAN ANG PAGBABAHAGI NG GRUPO"**

- Sundin ang Espiritu kung kailangan ang pagtatama.
- Isipin kung mas matutulungan mo ang isang tao sa problema o mga katanungan niya kung kakausapin mo siya pagkatapos ng miting.

- Tandaan na ang mga group leader o ang mga kalahok ay “hindi dapat nagsasabi ng mga bagay na walang kinalaman sa pinag-uusapan,” tulad ng pamumuna, pagpapayo, o pagpuri sa isa o higit pang kalahok.
- Talakayin sa mga miting ang mga problema kung kinakailangan. Maaaring kabilang sa karaniwang problema at mga posibleng sagot ang:
  - Problema: pagbabalewala sa signal o senyas na tapusin na ang sinasabi. Posibleng sagot: “Oras na upang iyong tapusin ang pagbibigay ng komento.”
  - Problema: pagsasalita gamit ang hindi angkop na wika. Posibleng sagot: “Sa grupo natin, gumagamit lamang tayo ng wastong pananalita”
  - Problema: detalyadong paglalarawan ng mga pangyayari. Posibleng sagot: “Sa grupo natin, nakatutok lamang tayo sa pagbabahagi ng solusyon sa halip na problema.”
  - Problema: pagsasabi ng mga bagay na walang kinalaman sa pinag-uusapan. Posibleng sagot: “Sa grupo natin, hindi tayo nagsasabi ng mga bagay na walang kinalaman sa pinag-uusapan.”
- Maging mahinahon hangga’t maaari kapag may itinatama.

**“TAPUSIN ANG PAGBABAHAGI NG GRUPO”**

- Kung kulang sa oras, hindi kailangang magbahagi ang buong grupo.
- Isang beses lamang nagbabahagi ang mga facilitator.
- Dapat ibalik muli ng mga facilitator ang miting sa mga group leader sa tamang oras.
- Sa mga miting na kaunti lamang ang kalahok, maaaring tapusin nang maaga ang miting.
- Labinlimang minuto bago matapos ang oras ng pagbabahagi sa miting, tinatanong ng mga facilitator ang mga kalahok kung mayroong nakadarama ng malakas na kagustuhang magbahagi. Kung may oras pa, dapat bigyan ng pagkakataong magbahagi ang lahat ng may gusto.

**“TAPUSIN ANG MITING SA PAGBABAHAGI NG GROUP LEADER,” “TAPUSIN ANG MITING SA SUMUSUNOD NA PAHAYAG,” AT “ANYAYAHAN ANG ISANG TAO NA MAGBIGAY NG PANGWAKAS NA PANALANGIN”**

- Magbahagi lamang nang limang minuto at tapusin ang miting sa itinakdang oras upang maipakitang mahalaga ang palaging pagsunod, pagtitiwala, at paggalang.
- Maaari mo ring isama sa iyong pangwakas na komento ang iyong mga personal na karanasan sa mga hakbang, mga ideya sa mga gagawin, o sa mga banal na kasulatan mula sa mga bahaging “Pag-aaral at Pag-unawa.”

**PAGKATAPOS NG MITING**

- Una, batiin muna ang mga baguhan (tingnan ang “Kilalanin at Masayang Tanggapin ang Baguhan”).
- Maglaan ng oras pagkatapos ng miting para sa pag-uusap-usap at pagsagot ng mga tanong.
- Kolektahin ang mga ipinahiram na guidebook, at ipamahagi ang anumang kailangang impormasyon.

- Huwag hingin ang mga numero ng telepono o email address ng mga kalahok.
- Ibalik sa dating ayos ang silid. Itapon ang laman ng basurahan at patayin ang mga ilaw, heater, at air conditioner. Ikandado ang mga pinto ng silid at ng gusali.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa programa.
- Pasalamatan ang lahat sa pagpunta, at hikayatin sila na dumalong muli sa susunod na linggo. Maaari ka ring magbigay ng impormasyon tungkol sa iba pang madadaluhang miting sa inyong lugar.

**PAALALA SA MGA GROUP LEADER**

- Kung ikaw ay may dahilan upang maghinala na naabuso o napabayaan ang isang bata, o may posibilidad na saktan ng mga kalahok ang kanilang sarili o ang iba, agad itong ipaalam sa LDS Family Services office manager.
- Sa oras ng kagipitan, kontakin ang pulisya sa inyong lugar o iba pang emergency response personnel.

# Mahahalagang Bagay na Dapat Tandaan

## SA PAGGABAY SA MGA MITING NG CALL-IN ADDICTION RECOVERY PROGRAM

Ang mga sumusunod na bahagi ay tumatalakay sa mahahalagang bagay na dapat tandaan habang ginagabayan mo ang miting ng addiction recovery program.

### PAGHAHANDA BAGO ANG MITING

- Siguruhin na nakahanda na ang Cisco WebEx para sa call-in miting. Kung ito ay bagong miting, sabihin sa counseling manager o area welfare manager na ihanda ang WebEx meeting.
- Pag-aralang muli ang dokumento na "Anyo at Dayalogo ng Miting ng Call-In Addiction Recovery Program," at maging pamilyar sa mga ginagawa sa miting.
- Espirituwal na maghanda. Basahin ang kabanata para sa kasalukuyang tinatalakay na hakbang sa pagrekober, at alamin kung paano ito iaakma sa iyong buhay.
- Simulan ang pagtawag 10 minuto bago magsimula ang miting. Sa pagsali ng mga kalahok sa miting, batiin sila ng "Hi, ako si Elder/Brother/Sister _[apelyido mo]___. Kung nais mong tumulong sa pagbabasa ng mga hakbang sa paggaling, o kung nais mong magbahagi, pakisabi lamang muna ang iyong pangalan at huwag na ang apelyido. O kung nais mo ay maaari namang maki-nig lamang." Kung ayaw banggitin ng kalahok ang kanyang pangalan, huwag nang ulitin ang pagbati. Igalang ang pasiya ng tao na huwag magpakilala. Kapag inirekord ang pagdalo ng taong iyon, isulat na siya ay "kalahok na naki-nig lamang " Ulitin ang pagbati sa kasunod na kalahok na sumali sa miting.
- Gumawa ng listahan ng mga nais tumulong sa pagbasa. Gagamitin mo ang listahan na ito sa oras ng pagbabasa at pagbabahagi sa miting.
- Kapag gumagawa ng listahan ng magbabasa at magbabahagi, unahin ang group leader, at isunod ang facilitator. (Kung walang facilitator na naroon, kailangan mong hilingin sa isang kalahok na nakaranas ng paggaling na siyang unang magbahagi sa bahaging iyon ng miting. Dapat na kasunod ng group leader ang taong ito sa listahan ng magbabasa at magbabahagi. Ting-nan sa ibaba ang mahalagang bagay na dapat tandaan sa bahaging "Ipakilala

ang facilitator" para sa karagdagang impormasyon.) Pagsunud-sunurin ang mga pangalan ng kalahok ayon sa oras ng kanilang pagtawag.

- Bago magsimula ang miting, basahin nang malakas sa mga kalahok ang mga pangalan sa listahan ng magbabasa at magbabahagi. Hilingin sa mga kalahok na isulat din ang mga pangalan ng nasa listahan ng magbabasa at magbabahagi, upang alam nila kung sino ang nasa miting. Basahin nang dahan-dahan ang nasa listahan upang maisulat ng mga kalahok ang mga pangalan. Huwag banggitin ang mga kalahok na makikinig lamang.

**"MASAYANG BATIIN ANG GRUPO"**

- Sundin ang balangkas sa "Anyo at Dayalogo ng Miting ng Call-In Addiction Recovery Program" na tulad nang nakasulat.
- Simulan ang miting sa takdang oras.
- Sabihin ang mga patalastas, na maaaring kinabibilangan ng mga pagbabago sa mga miting, mga bagong miting, o mga magaganap na debosyonal.
- Itanong kung sino ang nais magbigay ng pambungad na panalangin. Hintayin munang may magboluntaryo na kalahok bago magtawag ng iba.

**"BASAHIN ANG MISSION STATEMENT"**

- Basahin ang eksaktong nakasulat sa mission statement.

**"IPAALAM ANG 12 HAKBANG," "IPAALAM ANG HAKBANG NA PAG-AARALAN", AT "IPAALAM ANG MGA GAGAWIN"**

- Ipadama sa mga kalahok na minamahal at tinatanggap sila upang hindi sila mahiyang magbasa o magsabi na hindi magbabasa. Ang pagbabasa ay magandang pagkakataon upang makapag-ambag sa miting ang mga kalahok, ngunit ilan sa kanila ay maaaring asiwa na magbasa sa maraming tao o nais na makinig lamang.
- Kapag nakikipag-usap sa grupo, gumamit ng mga pangungusap na nagsisimula sa mga katagang "ako" o "kami" sa halip na "kayo."
- Pagsapit ng grupo sa bahaging "Mga Gagawin," huminto at basahin ang teksto na kasunod ng "Ipaalam ang mga gagawin" mula sa anyo at dayalogo. Pagkatapos ay sabihin sa mga kalahok na nasa listahan ng magbabasa at magbabahagi na ituloy ang pagbabasa ng unang gagawin.
- Paalala: Ang impormasyong tinalakay sa ika-apat na hakbang ay napakahalaga sa paggaling. Para sa hakbang na ito, siguruhing ipabasa nang buo ang tungkol dito. Sa mga miting na tumatagal ng isang oras, basahin ang teksto hanggang sa makarating sa bahaging "Apat na kinakailangang Elemento." Sa isa at kalahating oras na miting, basahin ang teksto hanggang sa makarating sa bahaging "Pag-aaral at Pag-unawa."

**"IPAKILALA ANG FACILITATOR"**

- Kung walang facilitator, lalampasan na ng group leader ang bahaging "Ipakilala ang facilitator" at ang "Simulan ang susunod na bahagi ng miting sa pagbabahagi ng facilitator" sa dokumento ng dayalogo at anyo at agad na didiretso sa "Simulan ang pagbabahagi ng grupo." Pagkatapos ay hihilingin ng group leader sa isang taong gumaling na mula sa adiksiyon na simulan ang pag-

babahagi. Ang taong ito ay dapat na nasa listahan ng magbabasa at magbabahagi kasunod ng group leader (tingnan sa "Paghahanda bago ang miting" para sa instruksyon tungkol sa listahan ng magbabasa at magbabahagi).

**"SIMULAN ANG SUSUNOD NA BAHAGI NG MITING SA PAGBABAHAGI NG FACILITATOR"**

- Ang facilitator ay dapat magpakita ng halimbawa ng tamang pagbabahagi.
- Dapat ay magbahagi siya nang hindi lalampas ng limang minuto.
- Ang facilitator ay dapat magbahagi ng magagandang karanasan niya sa paggaling na may kaugnayan sa hakbang na tatalakayin sa linggong ito.
- Dapat ay magpokus lamang siya sa pagbabahagi ng solusyon sa halip na problema.
- Dapat na magpatotoo siya tungkol sa Tagapagligtas.

**"SIMULAN ANG PAGBABAHAGI NG GRUPO"**

- Sundin ang Espiritu kung kailangan ang pagtatama.
- Tandaan na ang mga group leader o ang mga kalahok ay "hindi dapat nagsasabi ng mga bagay na walang kinalaman sa pinag-uusapan," tulad ng pamumuna, pagpapayo, o pagpuri sa isa o higit pang kalahok.
- May mga pagkakataon na kailangan mong tugunan ang problema sa mismong oras ng miting. Maaaring kabilang sa karaniwang problema at mga posibleng sagot ang:
  - Problema: pagbabalewala sa signal o senyas na tapusin na ang sinasabi. Posibleng sagot: "Oras na upang iyong tapusin ang pagbibigay ng komento."
  - Problema: pagsasalita gamit ang hindi angkop na wika. Posibleng sagot: "Sa grupo natin, gumagamit lamang tayo ng wastong pananalita"
  - Problema: detalyadong paglalarawan ng mga pangyayari. Posibleng sagot: "Sa grupo natin, nakatutok lamang tayo sa pagbabahagi ng solusyon sa halip na problema."
  - Problema: pagsasabi ng mga bagay na walang kinalaman sa pinag-uusapan. Posibleng sagot: "Sa grupo natin, hindi tayo nagsasabi ng mga bagay na walang kinalaman sa pinag-uusapan."
- Maging mahinahon hangga't maaari kapag may itinatama.

**"TAPUSIN ANG PAGBABAHAGI NG GRUPO"**

- Kung maikli ang panahon, hindi kailangang magbahagi ang lahat.
- Isang beses lamang nagbabahagi ang mga facilitator.
- Dapat ibalik muli ng mga facilitator ang miting sa mga group leader sa tamang oras.
- Sa mga miting na kaunti lamang ang kalahok, maaaring tapusin nang maaga ang miting.
- Labinlimang minuto bago matapos ang oras ng pagbabahagi, tinatanong ng mga facilitator ang mga kalahok kung mayroon pang nais magbahagi. Kung may oras pa, dapat bigyan ng pagkakataong magbahagi ang lahat ng may gusto.

**“TAPUSIN ANG MITING SA PAGBABAHAGI NG GROUP LEADER, “TAPUSIN ANG MITING SA SUMUSUNOD NA PAHAYAG,” AT “ANYAYAHAN ANG ISANG TAO NA MAGBIGAY NG PANGWAKAS NA PANALANGIN”**

- Magbahagi nang limang minuto lang at tapusin ang miting sa itinakdang oras upang maipakita na mahalaga ang palaging pagsunod, pagtitiwala, at paggalang.
- Maaari mo ring isama sa pangwakas na komento mo ang iyong mga personal na karanasan sa mga hakbang, mga ideya sa mga gagawin, o sa mga banal na kasulatan mula sa mga bahaging “Pag-aaral at Pag-unawa.”

**PAGKATAPOS NG MITING**

- Una, batiin muna ang mga baguhan (tingnan ang “Kilalanin at Masayang Tanggapin ang Baguhan”).
- Maglaan ng oras pagkatapos ng miting para sa pag-uusap-usap at pagsagot ng mga tanong.
- Huwag hingin ang mga numero ng telepono o email address ng mga kalahok.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa programa.
- Pasalamatan ang lahat na nagpunta, at hikayatin sila na dumalong muli sa susunod na linggo. Maaari ka ring magbigay ng impormasyon tungkol sa iba pang madadaluhang miting sa inyong lugar.

**PAALALA SA MGA GROUP LEADER**

- Kung may dahilan ka upang maghinala na inaabuso o napabayaan ang isang bata, o may posibilidad na saktan ng mga kalahok ang kanilang sarili o ang iba, agad itong ipaalam sa LDS Family Services office manager.
- Sa oras ng kagipitan, kontakin ang pulisya sa inyong lugar o iba pang emergency response personnel.

## KILALANIN AT MASAYANG TANGGAPIN
# ang Baguhan

Ang baguhan ay isang tao na bago pa lang sa mga miting ng addiction recovery program o sa mga miting ng spouse and family support group ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Siya ay karaniwang nagsisimula pa lamang gumaling, kagagaling lamang mula sa relapse, o kaibigan o kapamilya ng isang may adiksiyon sa alinman sa mga sitwasyong iyon. Sinumang hindi natin kakilala ay maaaring baguhan, at dahil kritikal ang mga unang miting na dinadaluhan ng mga baguhan, napakahalaga na maramdaman nila ang kapanatagan at tinatanggap sila.

Ang mga baguhan ay kadalasang naduruda at natatakot. Alalahanin na kailangan ng mga tao ng lakas ng loob na amining sila ay nalulong o may ginagawa sila na sumisira ng kanilang buhay, o kaya ay magulo ang kanilang buhay, at kailangan nila ng tulong. Kailangan din ng lakas ng loob ng mga kaibigan o kapamilya ng may adiksiyon upang masabi kung paano naapektuhan ng adiksiyong iyon ang kanilang buhay. Ang layunin natin ay tulungan ang mga baguhan na gustuhing bumalik muli sa susunod na miting.

Mayroon tayong responsibilidad na ipadama sa kanila na masaya tayong makasama sila bago pa man magmiting, sa oras ng miting, at pagkatapos ng bawat miting. Magtiwala na maaantig ng Espritu ang mga baguhan at magagabayan sila sa pagpapagaling. Alalahanin na kadalasang nagugulumihanan pa ang mga baguhan, kaya nararapat maging mapagmahal at mahinahon sa pakikipag-usap sa kanila. Ang pagmamahal, suporta at paghikayat ay mahahalagang bahagi ng paggaling.

Ang mga sumusunod na mungkahi ay maaaring makatulong kapag iyong kinausap ang mga baguhan bago at pagkatapos ng mga miting:

1. Kapag binati mo ang isang taong hindi mo kakilala, magpakilala ka at itanong sa kanya kung nakadalo na ba siya dati ng miting para sa 12 hakbang.
2. Ipadama sa mga baguhan na sila ay nasa panatag at ligtas na lugar. Ipaliwanag na sinusunod natin ang alituntunin ng confidentiality at hindi na nila kailangang banggitin ang kanilang apelyido. Ipaalam din sa kanila na kung hindi sila komportableng magbasa o magbahagi sa mga miting, maaari naman silang makinig lamang.
3. Hayaang sabihin ng mga baguhan kung ano lamang ang nais nila; unawain na kadalasang naaasiwa silang ipaliwanag kung bakit sila pumupunta sa mga miting.

4. Imungkahi sa mga baguhan na pakinggan kung ano sa mga naibahagi ng mga kalahok na mga saloobin ang nakakaugnay sila. Mas mahihikayat ang mga baguhan na bumalik sa mga miting kapag nakakaugnay sila sa mga nagbabahagi. Ipaliwanag na dahil ang ating mga miting ay bukas sa mga taong dumaranas ng iba't ibang uri ng adiksiyon o gumagawa ng mga bagay na nakakapinsala sa kanila, ang nararanasan ng mga miyembro ng grupo ay maaaring magkakaiba, ngunit ang mga taong may adiksiyon at ang mga taong may masasamang gawi ay halos pareho lamang ng nararamdaman, gayundin ang mga taong naaapektuhan ng adiksiyon o pag-uugali ng ibang tao.
5. Anyayahan ang mga baguhan na huwag munang umalis pagkatapos ng miting kung may mga tanong sila tungkol sa 12 hakbang o sa addiction recovery program.
6. Magtiwala na mauunawaan ng mga baguhan ang programa kahit hindi pa nila naririnig ang bawat aspeto nito. Ipakita sa mga baguhan ang *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon* o *Spouse and Family Support Guide* at hikayatin sila na bumili ng sarili nilang kopya. Ipaliwanag sa mga baguhan na sa pakikinig sa Espiritu, pagdalo sa mga miting, at pag-aaral ng gabay, kanilang mauunawaan at maipamumuhay ang mga alituntunin at gawain na hahantong sa paggaling.
7. Ipakilala ang mga baguhan sa facilitator. Naaalala ng mga facilitator ang pakiramdam ng pagiging bago pa lamang na dumadalo sa recovery program o ang pakiramdam na may mahal sa buhay na bago pa lamang sa programa ng pagrekober. Magsisilbing halimbawa ang mga facilitator sa mga kalahok at makapagpapatotoo kung paano sila natulungang gumaling ng programa na 12 hakbang sa paggaling.
8. Kung may mga problemang may kinalaman sa pagbabahagi ng mga baguhan ng kanilang mga karanasan, mahinahong lutasin ang problema. Karamihan sa mga problema at tanong ay mas epektibong nalulutas pagkatapos ng miting kaysa habang nagmimiting. Kalaunan, matututunan rin ng baguhan ang dapat na ikilos sa miting.
9. Ibahagi sa mga baguhan na may mga kapamilya o mga mahal sa buhay na may problema sa adiksiyon na kung gagawin nila mismo ang 12 hakbang ay magkakaroon rin sila ng pag-asa at paggaling sa kanilang buhay. Kung hindi nila alam ang tungkol sa miting ng spouse and family support group, ipaalam sa kanila ang mga ito.
10. Pagkatapos ng miting, personal na pasalamatan ang mga baguhan sa kanilang pagdalo at anyayahan silang bumalik. Bigyan sila ng kasalukuyang iskedyul ng miting at hikayatin silang dumalo sa mga pulong sa hinaharap.
11. Tandaan na malaking tulong sa grupo ang mga baguhan. Ang mga baguhan ay patuloy na nagbibigay ng pagkakataong maglingkod, sumuporta, at matuto mula sa isa't isa.

# SUPORTA
# sa Pagrekober

## MGA MAPAGKUKUNANG SUPORTA PARA SA MGA KALAHOK AT MGA MIYEMBRO NG PAMILYA

Ang pagtanggap ng pagmamahal at suporta mula sa iba ay mahalaga upang matulungan kang mapaglabanan ang mga nakapipinsalang pag-uugali. Sa pakikipag-ugnayan sa iba, hindi lamang pangangalaga na iyong kailangan ang nakukuha mo kundi nakatutulong din ito na maalala mo na ikaw ay karapat-dapat mahalin bilang anak ng Diyos. Sa paghingi mo ng tulong sa iyong mga kapatid sa Simbahan, tinutulutan mo silang maipadama sa iyo ang mga katangiang tulad ng kay Cristo sa kanilang pakikipag-ugnayan sa iyo. Sa paggawa nila nito, sinusunod nila ang payo ng Tagapagligtas na "tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina" (D at T 81:5).

Sa paggawa mo ng 12 hakbang ng paggaling at paghingi ng suporta mula sa iba, makatutulong sa iyo ang mga sumusunod:

1. *Ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo.* Ang Ama sa langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay ang pinakamalaking mapagkukunan mo ng tulong. Ang lubusang paggaling ay mangyayari dahil kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Sa Aklat ni Mormon, ibinahagi ng propetang si Alma na "dadalhin [ni Cristo] ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao" (Alma 7:12). Madarama mo na ikaw ay tinutulungan at pinangangalagaan kapag mapagkumbaba kang lumalapit sa iyong Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Mahalagang hindi kalimutan ang tulong ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala. Itinuro Niya sa atin, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay" (Juan 14:6). Ang Espiritu Santo ay makapagbibigay sa atin ng kapanatagan, kapayapaan, at espirituwal na lakas upang patuloy na sumulong.
2. *Mga miyembro ng pamilya.* Ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring pagmulan ng pagmamahal at pagtanggap at pamumuhay ng 12 hakbang at ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang sariling buhay. Lahat ay makikinabang sa pag-aaral at pamumuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuturo sa *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon* at sa *Spouse and Family Support Guide*. (Paalala: Maaaring ipasiya ng mga kalahok na huwag nang ikuwento ang kanilang mga personal na imbentaryo sa kanilang pamilya o sa mga tao na maaaring masaktan kapag narinig

ang mga imbentaryong iyon. Bagama't hindi lahat ng miyembro ng pamilya ay nanaising makapagpanatag ng loob, ang makagagawa nito ay pagpapalain.)

3. *Mga Kaibigan.* Mamahalin at tutulungan ka ng iyong mga kaibigan kapag sinabi mo sa kanila ang tungkol sa paghihirap na iyong pinagdadaanan, ipagtapat mo man sa kanila o hindi ang iyong mga problema o adiksiyon. Ang kanilang tapang ay makatutulong sa iyo upang iyong malaman na kailangan mo nang magbago at ito ang maghihikayat sa iyo na simulan ang pagpapagaling. Kapag mapagmalasakit na tinulungan ka nila sa mga paghihirap mo, maaari nitong ipaaalala ang iyong kahalagahan.
4. *Mga lider ng Simbahan.* Ang mga lider ng simbahan ay makapagbibigay ng kinakailangang suporta sa iyong pagpapagaling. Huwag mong kalimutan o maliitin ang kakayahang matulungan ka ng mga priesthood leader. "Bagama't tanging Panginoon lamang ang makapagpapatawad sa mga kasalanan, mahalaga ang papel ng mga lider ng priesthood na ito [mga bishop at branch, stake, at mission president] sa proseso ng pagsisisi" at paggaling (tingnan sa Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo [2004], 156). Ngunit hindi lamang mga priesthood leader ng stake o ward ang sumusuporta sa iyo, papatnubayan at pangangalagaan ka rin ng matapat na quorum leader, Relief Society leader, o home o visiting teacher. Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith, "Wala akong alam na anupamang tungkulin na higit na banal, o higit na kinakailangan, kung ginagawa ito nang wasto, maliban sa mga tungkulin ng mga guro na dumadalaw sa mga tahanan ng mga tao, na nananalangin na kasama nila, na nangangaral sa kanila na magpakabuti at maging marangal, na magkaisa, at magmahalan, at magkaroon ng pananampalataya at katapatan sa layunin ng Sion" (sa Conference Report, Abr. 1915, 140). Itinuro rin ni Elder L. Tom Perry, "Ang home teacher ang unang taong nakatakda upang bantayan at palakasin ang [pamilya]" ("Home Teaching—a Sacred Calling," Ensign, Nob. 1978, 70).
5. *Mga Recovery meeting.* Ang mga recovery meeting ay nagbibigay ng suporta sa konteksto ng isang grupo. Kabilang sa mga kalahok ang LDS Family Services o mga boluntaryo, facilitator na nakaranas ng paggaling mula sa adiksiyon, at iba pang mga tao na isinasabuhay ang mga alituntunin ng paggaling. Sa mga miting na ito, naririnig ng mga kalahok kung paano ilarawan ng iba ang pagsasabuhay nila ng mga alituntunin at gawain ng paggaling. Ang pagbabahagi ng mga personal na karanasan sa paggaling ay makatutulong sa inyong paggaling at magbibigay sa inyo ng pag-asa na gagaling kayo.
6. *Mga Professional counselor.* Ang mga counselor ang madalas na hinihingan ng kaalaman at pananaw ng mga may problema sa adiksiyon. Kapag kailangan ng tulong mula sa mga propesyonal, ang dapat piliin ng mga miyembro ng Simbahan ay isang tao na sumasang-ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo at sa 12 hakbang sa paggaling.
7. *Support person.* Ang support people ay mga taong handa kayong samahan habang sinisikap ninyong labanan ang adiksiyon. Higit na makatutulong ang support person na nakaranas ng 12 hakbang sa paggaling dahil napag-

labanan niya ang pagkakaila at iba pang mga balakid na may kinalaman sa adiksiyon. Dahil sa karanasang iyon, madaling malaman ng support person kung hindi nagsasabi nang tapat ang may adiksiyon at kanyang nauunawaan ang iba pang paghihirap na kanilang nararanasan. Tinutulungan ng support person ang mga tao na nagpapagaling na "ilagay sa tamang perspektibo ang [kanilang] buhay at iniwasang palakihin o paliitin ang [kanilang] pananagutan" (*Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon*, 30). Kapag ang support person ay isang taong nagpapapagaling mula sa adiksiyon, ang tumutulong at tumatanggap ng tulong ay pinagpapala ng pag-usad sa kanilang paggaling. Ang pagbibigay at pagtanggap ng tulong ay isa sa mga mapakikinabangan ng mga kalahok sa addiction recovery program at makatutulong na maiwasang balikan pa ang adiksiyon.

## ANG KAHALAGAHAN NG SUPPORT PEOPLE

Ang tulong sa paggaling mula sa adiksiyon ay napakahalaga, at ang pagkakaroon ng support person na malalapitan ay mahalagang bahagi upang matanggap ang tulong na iyon. Binigyang-diin ni Pangulong Gordon B. Hinckey ang kahalagahan ng may malalapitan sa anumang sitwasyon sa buhay. Ipinayo niya sa mga miyembro na magkaroon ng "isang kaibigan sa Simbahan na lagi ninyong malalapitan, na susuporta sa inyo, na sasagot sa inyong mga tanong, at uunawa sa inyong mga problema" (Ganap na kaliwanagan ng Pag-asa: Sa mga Bagong Miyembro ng Simbahan," *Ensign o Liahona*, Okt. 2006, 4). Kailangan ng mga taong nagpapagaling mula sa adiksiyon ang ganoong klaseng kaibigan. Bukod pa rito, ipinayo ni Pangulong Hinckley: "Gusto kong sabihin sa inyo, humanap ng mga kaibigan sa mga miyembro ng Simbahan. Magsama-sama at palakasin ang isa't isa. At kapag dumating ang oras ng tukso may malalapitan kayo na tutulong sa inyo at magbibigay ng lakas kapag kailangan ninyo ito. Iyan ang layunin ng Simbahang ito—upang matulungan natin ang isa't isa sa oras ng mga kahinaan at makabangong muli nang may layuning magtiwala sa sarili at magpakabuti" (mensaheng ibinigay sa regional conference para sa Eugene, Oregon, Set. 15, 1996; sa "Excerpts from Recent Addresses of President Gordon B. Hinckley," *Ensign*, Hulyo 1997, 73). Itinuro rin ni Pangulong Thomas S. Monson: "Mapalalakas natin ang bawat isa; may kakayahan tayong pansinin ang mga napabayaan. Kapag may mata tayong nakakakita, taingang nakakarinig, at pusong nakababatid at nakadarama, kaya nating abutin at iligtas ang mga taong nasa pananagutan natin" ("Ang Tawag na Maglingkod," *Ensign*, Nob. 2000, 47).

Ang pagpapagaling ay nangangailangan ng lubos na katapatan. Ang pagkakaila at kusang paglayo ng sarili sa ibang tao ay mga palatandaan ng adiksiyon. Madaling magawa ang mga bagay na ito kapag walang suporta at pananaw ng iba, at nagiging hadlang ang mga ito sa tuluy-tuloy at lubusang paggaling. Mahalagang hingin ang suporta ng mga taong makatutulong nang tama at epektibo sa lalong madaling panahon. "Sa mapagkumbaba at tapat na paghingi ng tulong sa Diyos at sa ibang tao, mapaglalabanan mo ang adiksiyon sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo" *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon, vi).*

## PAGPILI NG SUPPORT PERSON

Sa addiction recovery program ng Simbahan, tulad ng iba pang mga programa ng 12 hakbang sa paggaling, walang itinatalagang partikular na mga taong magbibigay-suporta sa iyo. Ikaw na ang magpapasiya kung kailan at kung kanino ka hihingi ng suporta. Sa una, maaaring mahirap humingi ng tulong sa pamilya o mga kaibigan; maaaring mas madaling makakita sa recovery meeting ng mahihingan ng tulong. Kadalasan, mas magiging madali ang iyong paggaling kung mas maraming tumutulong sa iyo. Sa sandaling matukoy mo ang taong makatutulong sa iyo, maaaring mahiya o matakot kang hingan siya ng tulong. Gayunman, kapag humingi ka ng tulong, matutuwa ka sa pagmamahal at pagtanggap na iyong madarama. Kapag mas nakikipag-ugnayan ka sa iba, mas maraming kang pagkakataon na makatatanggap ng pagmamahal at mauunawaan mo na ikaw ay karapat-dapat dito.

Sa pagpili ng support person, nagbabala ang *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon* na "huwag magkwento ng napakaselang impormasyon sa mga taong sa hinala mo ay hindi ka magagabayan nang tama, magbibigay ng maling impormasyon, o hindi marunong magtago ng mga kumpidensyal na bagay. [Ang support person] ay dapat na lubos na mapagkakatiwalaan sa salita at sa gawa" (31). Ilan sa mga taong lubos na nakatutulong ay ang mga ganap na aktibo sa Simbahan at pinagsikapang gawin ang bawat isa sa 12 hakbang upang madaig ang adiksiyon. Sa paghahanap ng makatutulong, mahalagang makakita ng mga taong natanggap ang kanilang kahinaan, naipagtapat ito, at pinaglabanan ito sa maraming paraan, lalo na sa tulong ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala. Sa ginagawa nilang ito, naipapakita nila na gusto nilang mapagaling nang lubusan "Sa pamamagitan nito inyong malalaman kung ang isang tao ay nagsisi ng kanyang mga kasalanan—masdan, kanyang aaminin ang mga yaon at tatalikdan ang mga yaon" (D at T 58:43).

Ang support person ay isang tao na napaglabanan ang sariling kahinaan at nauunawaan ang pinagdaraanan ng iba. Bukod rito, ang mga taong nakatapos na o kasalukuyang tinatapos pa ang programa, ay may "mensahe ng pag-asa para sa ibang may mga adiksiyon . . . na nais ng espirituwal na pamamaraan upang mabago ang kanilang buhay. . . . Maibabahagi [nila] nang lubos ang mensaheng ito sa pamamagitan ng [kanilang] paglilingkod sa iba" *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon, 76).* Naiintindihan ng mga gumaling na mula sa adiksyon ang hirap na pinagdaraanan ng may adiksiyon at dahil sa kanilang halimbawa ay kanilang matutulungan ang mga kalahok sa paggamit ng mga pamamaraan ng paggaling.

Pumili ng support people na kapareho ng iyong kasarian (kung hindi kayo magkamag-anak). Sa simula ng pagpapagaling, maaaring maging mahina at marupok ka sa pisikal, emosyonal, at espiritwal na aspeto. Iwasang magkaroon ng di-tamang relasyon sa support person.

**PAANO MAGING EPEKTIBONG SUPPORT PERSON**

1. *Maging masigasig na kalahok upang mapagaling rin ang sarili.* Makatutulong lamang ang mga sinasabi mo bilang support person kung ikaw mismo ay masigasig sa iyong pag-aaral, pang-unawa, at pagpapamuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Kapag sinikap mo bawat araw na hubarin ang pagiging likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala (tingnan sa Mosias 3:19), ang iyong halimbawa ay makatutulong nang malaki upang magabayan at mapalakas ang mga taong lalapit sa iyo. Ang halimbawang ipinapakita mo sa iyong paglapit sa Tagapagligtas at Kanyang Pagbabayad-sala ay mas mahalaga kaysa alinmang maipapayo mo sa mga kalahok ng programa.
2. *Maging Mapagkumbaba.* Ipinaliwanag ng *Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon* na, "Huwag mong isipin na mas magaling o mas mabait ka kaysa sa iba. . . . Huwag mong kalimutan ang pinagdaanan mo at kung paanong ikaw mismo ay naligtas dahil sa biyaya ng Diyos."(77). Itinuturo rin nito, "Sa paglilingkod mo sa iyong kapwa, pananatilihin mo ang kababaang-loob sa pagtutuon sa mga alituntunin ng ebanghelyo at kaugalian na iyong natutunan" (76).
3. *Igalang ang kalayaan at karapatang magpasiya ng iba.* Bilang support person, hindi ka dapat "magbigay ng payo o subukang itama ang buhay [ng iba] sa anumang paraan. Ipaalam lamang sa [iba] ang programa at mga espirituwal na alituntunin na nakatulong sa buhay mo" *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon, 76).* Kapag ipinaalam mo sa iba ang mga makatutulong na alituntunin at gawain at hinayaan silang magpasiya sa sarili nila, ipinapakita mo na iyong iginagalang ang kanilang sagradong kalayaan at karapatang magpasiya.
4. *Isaalang-alang din ang iba pang mga personal mong gawain.* Hindi ibig sabihin na kapag pumayag ka na maging support person ay doon mo na iuukol ang lahat ng oras mo. Maaari kang mabigay-halimbawa sa kahalagahan ng paglalagay ng tamang hangganan sa iyong pagtupad sa iyong iba pang mga dapat gawin, kabilang na ang iyong tungkulin sa pamilya, sa Simbahan, sa trabaho, at sa sarili mo.
5. *Maglingkod nang taos-puso.* Ang taos-pusong paglingkod ay hindi naghihintay ng kapalit. Iwasang maghangad ng papuri, paghanga, katapatan, o iba pang gantimpala sa mga pinaglilingkuran mo. "Magbigay nang taos-puso, nang walang hinihintay na kapalit" *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon, 76).*
6. *Maging matiyaga.* Ang nararanasan ng bawat taong nagpapagaling ay magkakaiba. Maaaring hindi pa handa na lubusang magbago ang taong tinutulungan mo. Maaaring balikan pa rin niya ang masasamang gawi at hindi kaagad sumunod sa mga alituntunin at gawain sa pagpapagaling. Alalahanin na "karamihan sa amin ay hinihintay munang danasin ang 'pinakamiserableng sitwasyon' bago kami naging handang pag-aralan at ipamuhay ang mga alitutuning ito" *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon, 76).*

7. *Magbigay ng magiliw ngunit maigting na paghihikayat.* Ang epektibong suporta ay nagmumula sa "paghihikayat, sa mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig; sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman, na siyang lubos na magpapalaki ng kaluluwa nang walang pagkukunwari, at walang pandaraya" (D at T 121:41–42).
8. *Unahin ang Diyos bago ang sarili.* Palagiang tandaan na umasa sa Diyos kapag tumutulong, at ipaalala sa mga tinutulungan mo na gayon din ang gawin. "Kapag may ginagawa ka para sa isang tao o ibinabahagi mo ang mensahe ng pag-asa at paggaling, hindi mo dapat hayaang umaasa nang labis sa iyo ang ibang tao. Ang iyong responsibilidad ay hikayatin ang ibang dumaranas ng paghihirap na lumapit sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas upang magabayan at mabigyan ng lakas" *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon, 77).* Ang tungkulin mo ay ibahagi kung paano ka pinagpala ng pananampalataya at pag-asa upang iyong matulungan ang mga taong iyong sinusuportahan sa 12 hakbang ng paggaling upang kanilang madama na sila ay minamahal at tinutulungan ng biyaya ng Diyos.
9. *Maging madasalin.* Sa tuwing magbibigay ka ng suporta, hilingin sa Ama sa Langit na tulungan kang malaman kung alin sa mga alituntunin o mga gawain sa programa na 12 hakbang ang makatutugon nang lubos sa mga kasalukuyang pangangailangan ng kalahok. "Ipagdasal palagi kung paano ka maglilingkod at laging hilingin na gabayan ka ng Espiritu Santo. Kung gugustuhin mo, marami kang makikitang oportunidad na maibahagi ang mga alituntuning natutunan mo" (*Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon, 76).*
10. *Magpatotoo tungkol sa katotohanan.* Ibahagi kung paano ka natulungan ng ebanghelyo upang mapaglabanan ang iyong mga kahinaan. "Ikuwento ang ilan sa mga naranasan mo upang malaman [ng iba] na naiintindihan mo ang kanilang pinagdaraanan" *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon, 76).* Maaari ka ring magpatotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang nakapagpapagaling na kapangyarihan. "Ang mensahe ay ang Diyos ay Diyos ng mga himala sa simula pa man (tingnan sa Moroni 7:29). Patunay nito ang buhay mo. Nababago na ang iyong pagkatao sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. . . . Ang pagbabahagi ng iyong patotoo tungkol sa Kanyang awa at biyaya ay isa mga pinakamahahalagang paglilingkod na maibibigay mo" *(Addiction Recovery Program: Gabay sa Pagrekober at Paggaling Mula sa Adiksiyon, 76).*
11. *Ingatan ang mga lihim ng iba.* May responsibilidad ka na protektahan ang privacy ng iba. Ang anonymity at confidentiality ay mga napakahalagang alituntunin sa addiction recovery program, at nakahihikayat ang mga ito ng pagtitiwala.

## ADDICTION RECOVERY PROGRAM GROUP REQUEST

**Mga Instruksyon**

1. Ang request na ito ay kailangang punan ng area welfare manager o espesyalista o manager ng LDS Family Services o upang makabuo ng bagong grupo ng addiction recovery program, o mapalitan o mahati ang kasalukuyang grupo. Pagkatapos ay ibibigay ng espesyalista o manager ng LDSFS o ng area welfare manager ang form na ito sa local office ARP manager.
2. Ipapadala naman ng manager ng lokal na opisina ng ARP sa pamamagitan ng email ang form na ito sa field group manager upang mapaaprubahan.
3. Kapag inaprubahan ng field group manager ang request, kailangan niyang ipadala ito sa lokal na opisina ng LDS Family Services at LDS Family Services sa Church headquarters.
4. Matapos maaprubahan, dapat idagdag ng website manager ng lokal na opisina ng ARP ang bagong grupo o gawin ang kailangang pagbabago sa kasalukuyang grupo sa ARP website.

| Opisina o lokasyon ng LDSFS | Lugar ng Simbahan |
|---|---|
| Pangalan ng LDS Family Services manager o area welfare manager | |
| Petsa | |

**GROUP REQUEST**

☐ Magbuo ng bagong grupo ☐ Palitan ang kasalukuyang grupo ☐ Hatiin ang kasalukuyang grupo

**URI NG GRUPO**

☐ General ARP group ☐ Pornography addiction support group ☐ Spouse and family support group
☐ Call-in group ☐ Mga lalake lamang ☐ Mga babae lamang

Iba Pa: _____

**IMPORMASYON NG GRUPO**

(*Paalala:* Kung babaguhin ang kasalukuyang grupo, isulat ang kasalukuyang impormasyon ng grupo sa unang hanay at ang bagong impormasyon sa ikalawang hanay.)

| Araw | Araw |
|---|---|
| Petsa | Petsa |
| Address | Address |
| Gusali | Gusali |
| Meeting room | Meeting room |
| Pangalan ng host stake | |
| Pagsang-ayon ng Stake President: ☐ Oo ☐ Hindi | Opisina o lokasyon ng LDSFS: ☐ Oo ☐ Hindi |

**PARA LAMANG ITO SA LDSFS**

| Pangalan ng director for temporal affairs (DTA): | |
|---|---|
| Petsa na nabigyang-alam ang DTA | Petsa na inaprubahan ng lokal na opisina ang lokasyon ng ARP |

Serbisyong ipinagkakaloob ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Pagsang-ayon sa Ingles: 3/15
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 3/15
Pagsasalin ng *Addiction Recovery Program Administration Guide*
Tagalog
PD10000241 893

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW